


# PAGKAMASIGASIG

 Salamat sa inyo. Makakaupo na kayo, sa mga sandaling ito. Paumanhin po kung napatayo ko kayo nang matagal, pero may di inaasahang pangyayari sila nung pagdating na pagdating ko rito, kaya inasikaso ko 'yun. Yung “di inaasahang pangyayari” ay nung pumunta sila rito at kaso kailangan na nilang umuwi. Ginawa namin ang aming makakaya para asikasuhin sila agad, dahil hindi na sila makakapanatili pa rito nang matagal.

Sa palagay ko marami ang nagtataka kung bakit di na lang namin pinadulog agad 'yung pila para sa pananalangin dito sa entablado. May layunin po ako kung bakit 'yun ang ginawa ko. (Kita n'yo?) Kinakailangan mo kasing ipunla muna ang binhi bago mo subukang anihin ang ani, kita n'yo.

At kaya naman, basta alalahanin n'yo lang, hawakan n'yo lang 'yang prayer card n'yo. Lahat naman siguro'y may prayer card na. Sinuman na nagnanais na makakuha ng prayer card ay makakakuha kayo. Kung loobin ng Diyos, ipapanalangin namin kayo bago kami umalis ng lungsod na ito. Kung sakaling abutin ng dalawang linggo para gawin 'yun, amin—amin pa rin 'yung gagawin. Kaya naman alalahanin n'yo lang, at hawakan n'yo lang 'yang prayer card n'yo, dalhin n'yo lang dito ang mga kapitbahay n'yo at sinupaman na maysakit, at pakuhanin n'yo lang sila ng prayer card, para maipanalangin sila.

Pero may layunin nga ako kung bakit ganito ang ginagawa ko: Una, para makapagsaligan ng pananampalataya't maihasik ang binhi. At pagkatapos, mauunawaan n'yo na, na sa puntong dudulog na kayo rito sa pila para sa pananalangin, alam n'yo kung ano ang idinudulog n'yo rito. Napakaraming beses ko na kasing nakita 'yung ganun ang nangyayari nung mga panahon na 'yun na nananalangin ako sa mga maysakit nitong nagdaang labinlima, labing-walong taon: basta na lang dudulog ang mga tao sa entablado, na may, dahil sa . . . may kinakaharap silang agarang operasyon, sasabihin, “Maayos na ang kalagayan ko, pero . . .” At pagkatapos sa loob ng dalawang araw pagkatapos nilang sabihin 'yun, “Ako'y . . . Sa palagay ko'y mas mabuti na siguro kung . . .” At magpapa-opera sila at wala na—wala na—wala na 'yun dun, kita n'yo, naglaho na 'yun. At di nila—di nila 'yun maunawaan, at di nila malaman kung ano bang—ano bang magiging reaksyon nila sa bagay na 'yun. At—at sila nga'y, di nila maunawaan 'yun.

Masyadong madalian ang aking mga pagtitipon, sandaling pupunta lang at aalis na agad ng lungsod. Isa sa mga araw na ito, kung loobin ng Diyos at magtagal pa si Jesus, gusto kong

pumunta sa isang lungsod at manatili nang matagal hanggang sa maipakita ko sa mga tao kung ano ang sinisikap namin na gawin dito: Mensahe ng Diyos sa mga tao. Makapagturo sa kanila nang araw, umaga, hapon, gabi. At tuluy-tuloy lang.

Minsan nga sa tuwing, sa tuwing tinitipon namin ang lahat (kapag wala silang mga rebaybal sa kabayanan sa malapit), at may mga ministro po tayo, na maaari niyang kunin ang mga bagong akay sa mga tao. . . sa mga simbahan. Kita n'yo, wala kasi akong simbahan, walang. . . Kinakatawan ko ang lahat, at sinisikap ko na maipadala ang mga miyembrong ito, saanman nila gustong magpunta, sarili na nilang pagpapasya 'yun. Ang mahalaga: Sila ba'y naipanganak nang muli? Kinikilala ba nila si Jesus Cristo bilang Tagapagligtas? Tapos ang tagapangasiwa na ng tutuluyan nila ang bahala sa kanila sa puntong 'yun, kita n'yo. Pagkakalooban siya ng Diyos ng kapamahalaan na dalhin siya sa landas na dapat niyang tahakin. At ang trabaho ko'y ituro lang sila patungo kay Cristo, ipanalangin ang maysakit, magbuhos ng langis at ibilin sila sa tagapangasiwa ng kanilang tutuluyan. Para, ang mga tagapangasiwa na ang bahalang mag-asikaso ng iba pang dapat asikasuhin.

Ngayon, parang kaunti na lang ang mga dumadalo. Inisiip ko kung ito kaya'y dahil sa. . . Naalala ko 'yung huling beses na nagkatipon dito sa Kansas, di kami makakita ng pagdadausan na malaki-laki para mapagkasya ang mga tao. Kaya naiisip ko lang: Ito—ito kaya'y dahil sa ang panahon ng rebaybal, mali kaya ang tiyempo ng pagpunta namin dito? O, ano, ano kaya ang nangyari? O, marahil ang mga tao'y nawalan na ng pag-ibig kay Cristo? O, marahil, nawalan na siguro sila ng tiwala't kompiyansa sa akin? O, ano kayang ibang bagay? Alam kong marami naman akong katulungan dito, heto nga't nakikita ko rito sa—sa—sa iskedyul at nandiyan po ang mga pastor ng Assemblies, at ng Church of God, at iba't iba pang mga iglesya. At sila'y. . . May problema nga siguro sa kung saan.

Bukas ng gabi, kung loobin ng Panginoon, nais kong. . . nais kong panatilihin ang magiging Mensahe na simple lang para ang lahat ay—ay makaunawa, kahit 'yung. . . 'yung mga hindi marahil madaling makaunawa. At tapos bukas ng gabi nais kong magdaos ng, kung maaari, pagi-ebanghelyong gawain, sa Sabado ng gabi.

Bukas na ng umaga ang Full Gospel Business Men. At sa palagay ko'y may grupo sila na nakaupo ngayon dito. Agahan nila ito. Ako'y nakakapagsalita para sa kanila sa buong mundo. At sa totoo lang, may card nila akong dala-dala sa bulsa ko, at ito po'y sa Full Gospel Business Men. Sila'y denominasyon para sa lahat. Yan ang dahilan kung bakit may card nila ako, ay dahil nga nagagawa kong hindi sabihin na, "Kaanib ako sa Assemblies"; "Kaanib ako sa United"; "Kaanib ako sa Church

of God”; o . . . Kita n’yo, iwinawaksi nito ang lahat ng anumang kaunting impluwensiya ko, sa isang organisasyon.

Naniniwala kasi akong nakakalat ang mga anak ng Diyos sa iba’t ibang dako. Sila’y—sila’y nasa iba’t ibang lupalop. At nung unang beses na makapunta ako rito noon (hayang nga’t, alam n’yo na isa akong Baptist noon), at nung makapunta ako rito’t makasalamuha ang Pentecostal, mga tao sa Full Gospel, tinatamasa ’yung karanasang ’yun na maipanganak na muli, at ang bautismo ng Espiritu Santo, at iba pa, naisip ko, “Yun pala ang dahilan at kaya naman sila’y Pentecostes.” Di ko alam noon na napakarami nilang—nilang maliliit na denominasyon sa sari-sarili nila, haya’t kasing dami rin ng mayron ang mga Baptist, kaya . . . (Kayo na mga Baptist alam n’yo ito na may sinaunang Baptist, may maluwag, may istrikto, at iba’t ibang klase.) Kaya nung magpunta nga ako noon dito. Sa isip-isip ko, “Basta, ‘Pentecostes’ isa lang ang ibig sabihin n’yan.” Mapasa hanggang ngayon ay Ito ang sinasampalatayanan ko. Hinding-hindi natin puwedeng iorganisa ang Pentecostes. Hindi kasi ito isang organisasyon, isa itong karanasan. Kita n’yo? Siyanga.

Heto nga’t, may maliliit tayong mga pagbubuklod-buklod, mga grupo-grupo, at kung anu-ano pa. Di dapat tayo hiwa-hiwalay sa isa’t isa, pero, dahil sa tayo’y . . . mga tao lang, sa palagay ko . . . Nakausap ko na ang mga tagapanguna at iba pa. Sa palagay ko’y hindi ito dahil sa mga tagapanguna, sa palagay ko ito’y dahil sa, may pumasok, nagpasimuno ng kung anong bagay. Yun nga ang gustong mangyari ni Satanas, kita n’yo. Basta’t nagtitirahan kayo sa isa’t isa, hindi n’yo siya matitira. Pero kung makababaling lamang tayo, at siya ang titirahin natin, ang dakilang Iglesya ng buhay na Diyos ay lilitaw ang tunay Niyang kulay; paparito si Cristo. Sinasampalatayanan ko ’yan. Hinihintay Niya tayong gawin ’yun. At ginagawa ko nga ang mainam kong magagawa, sa loob ng labing-walong taon na ito sa pagmi-ministeryo, na kung maaari ay—ay mapagbuklod ko ’yun, makita ang lahat ng mga puso na nagkakalakip-lakip sa isa’t isa, lahat ng mga tolda’y abot-abot hanggang sa linyang pumapagitan.

Gaya ng nabanggit ni Kapatid na Grant, di pa katagalan, doon sa Texas (May isinasagawa akong gawain noon kasama siya.), at sabi niya, “Kapatid na Branham, gusto ko—gusto ko ’yang kaisipan na ’yan.” Sabi, “Alam mo, naaalala ko ryan ang isang lalaki na . . . may mga kapitbahay siya, may kanya-kanya silang mga pato, at—at bawat kapitbahay ay kanya-kanya sila ng lagay ng mga pato sa maliit nilang patubigan sa likurang bakuran, at nilagyan nila ’yun ng harang sa palibot.” Sabi niya, “Buweno alam mo, bumuhos nang bumuhos ang ulan,” (Alam n’yo naman siguro si Kapatid na Grant kung gaanong kabagal siya magsalita.) sabi, “pataas nang pataas ’yung patubigan sa bawat bakuran hanggang sa sobrang taas na nito lumampas na

sa mga harang na bakod,” at sabi, “nagsilanguyan ’yung mga pato sa buong paligid.” Wala na sila sa pagkakabakod. Kaya naisip ko kung magagawa lamang natin na hayaan ang baha ng pagpapala ng Diyos na tumaas nang tumaas, makikita n’yo, hanggang sa lahat tayo’y nasa iisang patubigan na, o, iisang lawa. Kung tutuusin, iisa naman talaga tayo. Yung maliliit na mga kredo at kung anu-anong bagay ang naghihiwalay sa atin sa isa’t isa. Pero yamang mga anak tayo ng Diyos, tayo’y nasa ilalim ng iisang Pamilya: ang Diyos.

May isang lalaki na may pataniman siya ng mais. May isa uling iba na namang lalaki na may pataniman din siya ng mais. Yung piloto na lilipad sa ibabaw, sasabihin, “Tingnan n’yo ang mais nung lalaking ’yun, at ’yung mais nung isa pang lalaki. Napakainam na mga pataniman ng mais.” Yung mais nga roon ay patuloy at patuloy lang sa paglago hanggang sa punto na, umabot na ’yun lampas sa bakod, at magiging isang malaking pataniman na ng mais. Kaya iniisip ko na dapat ganito. Kung tayo lang sana . . . Kung makalalago pa tayo nang kaunti. Pero kung mananatili tayong bubot, tayo nga’y mananatiling may harang na bakod. Pero kung malago na tayo, wala nang ano pa mang pagkakaiba-iba sa pataniman. Lahat tayo’y magiging isa nang malaking pataniman. Kaya ipagkaloob nawa ng Diyos, ang araw na ’yan, na makita ko ’yan bago lumisan.

Ngayon, tandaan n’yo ’yung agahan ng Businessmen bukas ng umaga ay gaganapin sa . . . Sa Ramada po ba? O, [May isang kapatid na lalaking nagsasabing, “Holiday Inn.”—Pat.] Holiday Inn. Sa Holiday Inn. At ang lahat ay imbitado. At sa palagay ko may tiket sila para dun, ’yun yata, ’yun ’yung istilo nila dun. At ’yung Full Gospel Business Men, sa inyo nga na mga nasa pagnenegosyo, rito, sila’y maiinam na grupo ng mga tao talaga. Sinasabi ko—ko nga sa inyo, sa palagay ko bawat full Gospel dito’y dapat pumaroon, para sa isang pagbubuklod. Totoo po talaga. May maiinam na mga bagay sila dun. At gaya nga ng nabanggit ko dati sa kanila (Ako nga’y nakakapagsalita para sa kanila sa buong mundo), pero, kung sila’y magbubuo ng denominasyon mula dun, maglalagay ng bakod, hayan nga’t ibabalik ko ang card ko, uh-huh, di ko kasi gusto ’yung ganun, ako’y . . . dapat ay malaya ang bawat isa.

Heto’t, alam n’yo si Jacob naghukay siya noon ng balon, at ang mga Filisteo pina- . . . itinaboy nila siya palayo roon, at tinawag niya ’yung “Masamang pag-iisip.” Naghukay uli siya ng panibagong balon, at tinawag niya ’yung “Pagtatalo.” Tapos dun sa hinukay niyang panibago uling balon, sabi, “May dako ng kaluwagan para sa lahat.” Haya’t, umiinom na tayo mula sa balon na ’yan ngayon, kung saan may dako ng kaluwagan para sa lahat, bawat isa.

Ngayon, ang lahat ba’y maluwag ang pakiramdam? Sabihin n’yo, “Amen.” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Mabuti naman. Mabuti, ang ganda n'yang pakinggan. Gusto ko 'yan. Ang ibig sabihin ng Amen, ay "siya nawa." May... Ako'y nangangaral noon, tapos may isang kabataang lalaki na kasapi rito sa First Baptist Church nung nasa Missionary Baptist pa ako noon, at ako nga'y nangangaral. Pagkatapos may isang kapatid na babaing talagang tuwang-tuwa siya roon ay siya'y napapaiyak at napapasigaw. At 'yung binata nga'y manlalaro siya ng beysbol, at nakipagkita siya sa akin mga ilang araw pagkatapos nun. Sabi niya, "Dumalo ako para mapakinggan kita nung isang gabi, Billy, pero," sabi, "Di ko magawa dahil sa pagkakaingay ng mga taong nagsasabi ng, 'Amen.'"

Tapos sabi ko, "Oh."

At sabi, "Yung babaing 'yun na nakaupo roon at umiiyak," sabi, "para bang iritang-iritang ang pakiramdam ko noon."

Sabi ko, "Oh, huwag naman sanang ganun." Sabi ko, "Sa—sa palagay ko di naman..."

Sabi niya, "Buweno, di ko nga maisip-isip na ang Langit ay magiging gaya nun."

Sabi ko, "Ako naiisip kong ganun."

Sabi niya, "Buweno, parang may kung anong gumagapang na malamig sa likod ko kapag ganun."

Sabi ko, "Kung makapunta ka pala ng Langit, maninigas ka pala dun hanggang mamatay, sa tuwing maririnig mo 'yung grupo na nagkakaingay sa Ibayo roon. Uh-huh, uh-huh. Ikaw nga'y... Ito na ang pinaka tahimik na lugar na malalagian mo. Masasabi ko nga sa iyo. Dahil kung mapunta ka ng impiyerno may pagtatangis at pagtatagho at pagngangalit ng ngipin dun. Kung mapunta ka ng Langit, aba, maging 'yung mga Anghel ay walang tigil, araw at gabi, sa pagsigaw ng, 'Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat.' Kita mo? Aba, apaw-apaw dun ang, 'mga Hallelujah!' at, 'mga Amen!' at, 'Purihin ang Panginoon!': buweno, wala ka pa ngang naririnig sa lagay na 'yan, hanggang sa marinig mo 'yung pagtitipong 'yun sa Ibayo sa itaas."

Kaya, tahimik na dako ito. At ako sa tuwina ay takot sa anumang bagay na tahimik. Para kasing patay ito. Kaya, ako—ako nga'y di masyado sa mga bagay na patay. Haya't, anumang bagay na walang emosyon ay patay. Mapapatunayan 'yan ng siyentipikong pag-aaral: anumang bagay na walang emosyon. Kaya kung ang karanasan mo'y wala man lang ni katiting na emosyon, mas mabuti pa ngang ilibing mo na 'yan at kumuha ka ng isang bagay na may emosyon. Siyanga. Yun ang totoo.

Ngayon, lahat naman tayo'y iniibig natin Siya, tiyak ako riyon. Pero may malubhang panlalamig ngayon sa gitna ng mga tao. Tapos na ang rebaybal. Wala na ang pag-aalab. Kita n'yo, oras na para may maganap na isang bagay. Alam n'yo, dun sa

matandang templo ng Romano, sa templo ni Vesta, kapag ang mga alab ay wala na, uuwi na ang lahat, wala na kasing ano pa ang nagaganap dun. Sa palagay ko ay ganun . . . May pagka-Quaker nga ako para paniwalaan 'yan, na ito'y—na ito'y ganito na talaga.

<sup>2</sup> Ngayon sa tingin ko, ngayong gabi, lagi kong nilalaktawan ito gabi-gabi, pero . . . Nais kong—nais kong bigyang-galang ang Salitang ito ng Diyos, dahil iniisip kong Salita ito ng Diyos, at Siya Ito. Siya po Ito sa anyo ng letra. Kung letra lamang, ito'y, kinakailangan mo ng Espiritu para bigyang-buhay ang letra. Kaya ngayon sa pagbibigay-galang sa Salitang ito, tayo po'y magsitayo habang binabasa natin Ito. San Marcos, sa ika-7 kabanata at simulan natin sa ika-24 na talata, at basahin natin hanggang sa ika-30 talata, lahat ito. Sa mga may Biblia riyon, at heto't nais ko pong kumuha lamang dito ng isang teksto para makasimula na tayo ng pormal na pagtatanim marahil, ng ilang binhi ngayong gabi, para makapagsaligan ng pananampalataya hanggang sa dumating ang oras na 'yun.

<sup>3</sup> At kapag naramdaman ko na ang Espiritu na dumating na sa sukdulang oras na 'yun, sa puntong 'yun ay tatawagin ko ang bawat isa sa inyo na magpunta na mismo rito sa entablado. Huwag—huwag kayong mag-alala, dun mismo sa oras na 'yun. Pero kinakailangan ngang hintayin ang Espiritu na dumating sa puntong 'yun na mararamdaman mo na nakuha na ito ng mga tao!

<sup>4</sup> Ano nga ang silbi ng pagdulog n'yo rito, kung basta na lang kayo lalapit dito? Naranasan n'yo nang lumapit dun sa pila nina Tommy Hicks, at Tommy Osborn, at Oral Roberts, at pabalik-balik pa nga kayo, sa pila. Pinahihina lang nun ang pananampalataya n'yo. Ganun nga ang nangyayari.

<sup>5</sup> Kapag lalapit kayo rito nang may buong katiyakan na di lang kayo basta dumudulog sa harap ng inyong kapatid, o sino pa mang iba, kundi dumudulog kayo rito dahil ibinubunsod ng Espiritu ng Diyos na nasa loob n'yo na lumapit, ay may bagay nga na mangyayari. Walang magiging anong hadlang sa bagay na 'yun. Pero habang wala 'yun, basta-basta lang ang pagpila n'yo, bahala na lang; kapag may darating na ibang ministro sa bayan, pipila uli; kapag may darating na iba uling ministro, pipila na naman. Hindi 'yun maganda. Wala namang bagay na espesyal na nasa isang mangangaral, kung papaanong nandun din 'yun sa asawa n'yong lalaki o kapatid n'yong lalaki, o sino pang iba. Mga kinatawan lamang Niya kami, para ipagsabi sa inyo ang Salita. May ilang iba ang kaloob, na binanggit naman ng Biblia ang mga kaloob na ito. Lahat ng ito'y ipinangyayari para patunayan ang Kanyang Presensya.

<sup>6</sup> Ngayon kung ako ang nasa ganung kalagayan, o kayo rito sa akin, kung di n'yo kayang panghawakan ang salita ng bawat isa, aba, hanggang dun na lang 'yun. Pero ang Diyos, na sagana

sa biyaya, Siya'y nagpadala ng mga kaloob at katunayan, para maging patunay, at kung paanong. . . Siya'y mapagpahinuhod, sadyang maamo at mabait, na di Niya—di Niya ibig na may mapahamak o masaktan. Ninanais nga Niya na ang bawa isa sa inyo ay makapasok. Buweno.

<sup>7</sup> Ngayon bumuklat na kayo sa inyong mga Biblia sa ika-7 kabanata ng San Marcos, at sa ika-24 na talata.

*At nagtindig siya doon, at napasa mga hangganan ng Tiro at ng Sidon, at pumasok siya sa bahay, at di niya ibig. . . ibig niya na sinomang tao'y huwag sanang makaalam: at hindi siya nakapagtago.*

*Nguni't ang isang babae, na ang kaniyang munting anak na babae ay may isang karumaldumal na espiritu, pagdaka'y nang mabalitaan siya, ay lumapit at nagpatirapa sa kaniyang paanan:*

*At ang babae nga ay isang Griega, isang Sirofenisa, ayon sa lahi; at ipinamamanhik niya sa kaniya na palabasin sa kaniyang anak ang demonio.*

*At sinabi niya sa kaniya, Pabayaan mo ang mga anak na mangabusog, mangabusog muna ang mga anak: sapagka't hindi marapat na kunin ang tinapay ng mga anak, at itapon sa. . . mga aso.*

*Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa kaniya, Oo, Panginoon: kahit ang mga aso sa ilalim ng dulang ay nagsisikain. . . ng mga mumo ng mga anak.*

*At sinabi niya sa kaniya, Dahil sa sabing ito humayo ka; nakaalis na ang demonio sa iyong anak.*

*At umuwi siya, umuwi sa kaniyang bahay, at naratnan ang demonio na nakaalis na, at ang anak niya na nakahiga sa higaan.*

<sup>8</sup> Ngayon manalangin tayo, at habang nakayuko ang ating mga ulo, at ating mga puso. Iniisip ko, habang nananalangin tayo, ilan kaya rito ang nagnanais na maisama sa panalangin para sa isang natatanging bagay, pakitaas lamang po ng inyong kamay, marahil, “Panginoon, itulot Mo pong maipangyari 'yun sa akin, sa gabing ito,” kita n'yo, o, “May mahal ako sa buhay, itulot Mo pong maipangyari 'yun sa kanila, ngayong gabi.”

<sup>9</sup> Makalangit naming Ama, ang mga pangangailangan ay Iyo nang talastas bago pa man namin ito mahiling. Itinuro sa amin 'yun ni Jesus, “Talastas ng Ama ang pangangailangan ninyo bago pa ninyo hilingin,” pero sa kabila nun kinakailangan pa rin naming humiling.

<sup>10</sup> Nung tumingin Siya noon sa aanihin, Siya ang Panginoon ng aanihin, at nagwika Siya, “Hinog na ang aanihin, kakaunti ang mga manggagawa; idalangin nga ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala Siya ng mga manggagawa sa Kanyang aanihin,”

ipinapakitang Siya'y sadya ngang nakaugnay sa tao na Siya nga'y gumagawa lamang sa pamamagitan ng tao. Pinili Niya ang tao upang gumawa para sa Kanya. Maaari naman Niyang piliin sana ang araw na mangaral nung Ebanghelyo, maaari naman Niyang piliin sana ang mga hangin, o mga puno, o mga bituwin. Subalit pinili nga Niya ang tao, ikinubli ang Sarili sa loob, itinago ang Sarili sa mga di mananampalataya, inihayag ang Sarili sa kaninumang ibig Niya.

<sup>11</sup> Panginoong Diyos, narito po kami ngayong gabi para sa wala ng iba pang kadahilanan kundi ang makita Ka mismo na inihahayag ang Iyong Sarili sa amin, sa pamamagitan ng pagpapatawad sa mga pagkakasalang aming nagawa, at sa—at sa pagtulon sa amin, at pagbibigay kalakasan sa mga banal sa kanilang lakad, pagliligtas sa mga makasalanan, pagtawag sa mga noo'y nagsitalikod sa pananampalataya na manumbalik na sa pagbubuklod sa Makalangit na Ama at sa Iglesya ng Mga Mananampalataya, ang Panganay. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>12</sup> Iyo pong natatalastas ang anumang bagay na nasa likod ng mga kamay na ito na nagsipagtaas. Talastas Mo ang nasa likod ng mga ito, sa kaibuturan ng puso. Talastas Mo ang kanilang inaasam. Inihahandog ko ang panalangin kong ito alang-alang sa kanila, na Iyo ngang ipagkaloob sa bawat isa sa kanila ang kanilang inaasam. Maging ang aking kamay ay nakataas, din, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ang aming mga hiling.

<sup>13</sup> Iyong pagpalain ang pagbasa ng Iyong Salita. At ngayon sa pagkuha namin ng isang teksto rito, dalangin namin na Iyong ihahayag sa amin ang konteksto nito, nang sa gayon ay lubos pa naming makilala Siya. At sa paglabas namin sa dakong ito, ngayong gabi, nawa'y masabi namin gaya nung mga lalaking taga-Emaus, matapos na magbangon Siya mula sa mga patay. At sila nga'y lumakad kasama Niya buong araw, nakipag-usap sa Kanya, at sa kabila nun ay di nila napagkilala kung Sino Siya. Napakarami nga rito sa bayan na ito, Panginoon, ngayong gabi, na walang pasubaling nakausap Ka at nakasama Ka sa paglakad, at sa kabila nun ay di nakilala ang Presensya Mo.

<sup>14</sup> Subalit nung gabing 'yun, nung Ikaw . . . nung anyayahan Ka nilang pumasok at tumuloy kasama nila, si Cleopas at ang kanyang kaibigan, at nung maisara Mo na ang pinto, at maupo Ka na, may ginawa Ka roon na isang bagay na katulad nung ginawa Mo noon bago ang Iyong pagkakapako sa krus. Walang ibang tao, ang makakagawa nun sa paraan na 'yun. Iyo ngang ginawa ito sa Iyong Sariling pamamaraan, at, sa pamamagitan nun, nalaman nila na Ikaw ang Cristo na nagbangong mag-uli. Dali-dali Kang naglaho sa kanilang paningin. At sa puso nilang wala na ang kabigatan at punung-puno na ng kagalakan, sila'y dali-daling nakipagbuklod kasama ng iba pang mga alagad,



at nagsabi, “Tunay, bumangon nga Siyang mag-uli mula sa mga patay.”

<sup>15</sup> At sa paglisan namin sa gusaling ito, ngayong gabi, nawa’y makita namin ang Iyong pagparito sa eksena at papangyarihin ang siya ring mga gawang ’yun na ginawa Mo bago ang Iyong pagkakapako sa krus, gaya ng ipinangako Mo na Iyong uulitin sa huling mga araw na ito. At maipagkaloob nawa, Panginoon, na sa paglisan po namin, hahayo kami, na nagsasabing, “Hindi baga’t nag-alab ang ating mga puso sa loob natin, habang kinakausap Niya tayo sa daan?” Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan at sa Kanyang ikaluluwalhati. Amen.

Makakaupo na kayo.

<sup>16</sup> Nais kong kumuha ng isang salita lang para sa teksto natin, ngayong gabi, at ang salita na nais kong gamitin ay ito pong: *Pagkamasigasig*.

<sup>17</sup> Marahil sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, napaka—napaka liit naman ng salitang ’yan para sa tatlo o apatnaraang tao na nangakaupo rito ngayong gabi,” o anupaman; ako nga’y napakahinang tumantya ng bilang ng—ng—ng mga tagapakinig. At sasabihin n’yo nga, “Napaka liit naman ng salitang ’yan.” Buweno, wala nga ito sa—sa liit, nasa—nasa—nasa gusto kong iparating tungkol dito ang mahalaga.

<sup>18</sup> Ngayon, *pagkamasigasig*, ayon sa Webster, ito—ito ’yung pagiging... ito’y—ito’y isang—isang salita, na, ika’y “maging pursigido,” gayundin, ang ibig sabihin ng pursigido ay ’yung bang nagsisikap abutin ang isang adhikain, nagsisikap na—na matapos ang isang bagay, nagsisikap na magawa ang isang bagay. Ikaw nga’y may kasigasigan kung ikaw ay pursigido.

<sup>19</sup> Ngayon, lahat ng mga Cristiano’y kinakailangang maging pursigido. Kinakailangan nilang maging masigasig. At ang natatanging paraan lang para—para magawa mo ito, ay unang-una magkaroon ka ng pananampalataya sa anumang sinisikap mong gawin. At kung wala kang pananampalataya, basta ka na lang sumasabak sa bagay na ’yun, samakatwid di mo—di mo—di mo, magawang maging masigasig. Pero kung nalalaman mo nga na iyon talaga ang Katotohanan, haya’t wala ngang bagay na maaaring makapigil sa iyo, kaya sa ganun ay tunay ka nang masigasig.

<sup>20</sup> At ang tao sa lahat ng mga kapanahunan, na nagawa nilang magawa ang isang bagay, at may pananampalataya sa bagay na ’yan na sinisikap nilang gawin, sila nga’y masigasig.

<sup>21</sup> Halimbawa na lang, tulad na lang nitong tinatawag nating ama ng ating bansa, si George Washington. Siya nga’y naging masigasig noong, kanyang, pagsumikapan na makamit ang tagumpay na ’yun laban sa mga taga-Britanya, at tinawid ang nagyeyelong Delaware. Siya nga’y masigasig. Wala ngang bagay na... Yung mga sundalo niya, kalahati ng bilang nila,

wala man lang sapatos sa kanilang paa; 'yung mga paa nila'y nakabalot lang ng basahan. Umiihip ang hangin. Pero buong gabi nga siyang nanalangin, at nandun na talaga sa puso niya ang pananagumpay. At walang hukbo ng mga taga-Britanya o anupaman ang makapipigil sa kanya, maski pa 'yung ilog na nagyeyelo. Sa buong gabing 'yun ay nanalangin siya, at wala ni isang hadlang ang makapipigil sa kanya. Masigasig siya, at nakamit niya ang gampanin na pinagsusumikapan niya na—na gawin, dahil tinaglay niya ang katugunan mula sa Diyos.

<sup>22</sup> Sa tuwing kakamtin ng isang tao ang katugunan niya mula sa Diyos, walang makapipigil sa taong 'yun.

<sup>23</sup> Karamihan sa mga tao ngayon, ito nga't uulitin ko 'yung sinabi ko kagabi, itong sinabi kong, ang mga tao'y naghihintay lang sa halip na manampalataya. Makikita n'yo nga ang mga tao na dudulog sa entablado, sila'y—sila'y nakikipagsapalaran lang sa paghihintay.

<sup>24</sup> “Pero ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay; ang katunayan.” Hindi ito kathang-isip; hindi ito imahinasyon. Isang bagay ito na kamit-kamit mo na. Nasa inyo na ito mismo. At ikaw nga'y masaya na kamit-kamit mo na ito, itong pananampalataya na taglay mo, kung paanong masaya ka na't hawak-hawak mo na 'yung mismong bagay na 'yun sa iyong kamay.

<sup>25</sup> Halimbawa na lang, ganito, kunwari mamamatay na ako sa gutom; at ang isang buong piraso ng tinapay ay nagkakahalaga ng sangkapat na dolyar, na—na makakabili ng buong piraso ng tinapay. Ngayon, sabihin na lang nating may sangkapat na dolyar ako sa aking kamay, ako nga'y kasing saya na animo'y 'yung buong piraso na ng tinapay ang nasa kamay ko, dahil 'yun ang halaga para mabili 'yung tinapay.

<sup>26</sup> At kung may kabatiran na ako sa puso ko na natanggap ko na 'yun, at sinampalatayanan ko na ipagkakaloob sa akin 'yun ng Diyos, ako nga'y kasing saya sa pananampalatayang 'yun na animo'y pinagaling na ako, dahil ako nga'y pagagalingin, ano't anupaman. Taglay ko na mismo ang kapanatagan, wala nang makakaagaw nun sa akin. Alam ko kasing 'yun na 'yun mismo, at ako nga'y makakapagpakita ng sigasig sa bagay na 'yun.

<sup>27</sup> Kapag sinasabi ng Diyos na magaganap ang isang bagay, katulad ng mga pangitain o anupaman. Ako nga'y nakakita na ng ilang libo't makasampung libong ganun, at marami sa inyo ang saksi, at wala ni isa sa mga 'yun ang nabigo kailanman. At kapag may sasabihin nga ang Diyos na anupamang bagay, di nga ako... Kung sabihin Niya, ngayong gabi, “Magpunta ka sa pambansang libingan, sapagkat ibabangon Ko si George Washington kinaumagahan,” yayayain ko talaga ang buong mundo na pumunta't sumaksi, dahil mangyayari't mangyayari 'yun.

28 Hindi maaaring mabigo ang Salita ng Diyos kailanman. Ni minsan ay di Siya nabigo, at hinding-hindi Siya mabibigo. May isang bagay nga na di kayang gawin ng Diyos, at 'yun ay ang mabigo. Hinding-hindi Siya puwedeng mabigo. At ang Diyos ay ang Kanyang Salita.

29 Ngayon, si Noe ay nabubuhay noon sa isang siyentipikong kapanahunan na nagagawa nung mga tao noon na, marahil, magpabulusok ng radar sa buwan. Sinabi ni Jesus na magiging katulad ito ng panahong ito. “Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.”

30 Ngayon, alam nga natin, na dun sa Egipto makikita natin dun ang mga piramide. Di natin kayang gayahi't gumawa ng tulad nun ngayon. Wala tayong kakayahan na gawin 'yun. Sila nga nung panahon na 'yun ay may puwersa atomika, o—o kung anong uri ng puwersa para makapagtayo ng mga piramide. Di natin kayang pagpatung-patungin 'yung naglalakihang mga batong 'yun, anumang pilit natin. Maski 'yung mga espinghe'y di natin kayang gayahi't gumawa nun uli. Wala tayong paraan para gawin 'yun. Wala tayong mga materyales para makagawa ng mummy, makapag embalsamo ng katawan na magmumukha pa rin 'yung natural sa loob ng libo-libong taon. Nawala sa atin 'yung sining na 'yun. Pangkulay na tinta na hindi kumukupas; marami silang bagay dun noon na ganap na lingid sa atin. At nagawa nga nilang itayo 'yung piramide na 'yun sa mismong pinaka sentro ng daigdig, na kahit saan pumosisyon ang araw, wala 'yung magiging anino sa palibot nun, walang kahit anong anino sa piramide. Oh, 'yung arkitektura nun, 'yung—'yung —'yung mga instrumento nila—nila noon, ay malayong-malayo sa kagamitan natin ngayon.

31 At si Noe'y nabuhay noon sa intelektuwal, na siyentipikong kapanahunan na 'yun. Doon nga nabuhay si Noe. At isa siyang propeta, at sinabi sa kanya ng Panginoon na may parating na ulan. At pagkatapos na marinig ni Noe 'yung tinig ng Diyos, bilang isang propeta sa tinig ng Panginoon, ang Salita nga ng Panginoon ay dumarating sa Kanyang propeta, at nalaman niya na uulan; anuman ang sabi-sabihin ng iba, yamang hindi pa noon umuulan kahit kailan.

32 At di pa noon kailanman umuulan. Pinatutubigan ng Diyos ang lupa, ang mga pananim, sa—sa pamamagitan ng patubig mula sa mga bukal, at iba pa, na nasa lupa. Di pa kailanman nagkakaroon ng ulap sa himpapawid, pero sa kabila nun ay alam ni Noe na may parating na tubig na manggagaling sa itaas. Papaano Niya kaya ipangyayari 'yun? Hindi niya alam, pero, siya nga'y masigasig na mainam, humayo siya't ginawa ang daong alinsunod sa detalye na sinabi ng Diyos sa kanya na gawin, dahil napakinggan nga niya ang tinig ng Diyos, at siya'y nakatayo

noon sa Presensya ng Diyos nung ang tinig ng Diyos ay mahayag sa kanya.

Magagawa sana nito na itong Iglesyang ito na naipanganak na muli ay mag-alab nang husto, maging masigasig!

<sup>33</sup> Hindi ko alintana gaano mang karaming mga kritiko ang magtawa sa bagay na ito, gaano mang karami ang magsabi na di ito mangyayari, at pagkatapos lalabas dun at pamamalian ito sa pamamagitan ng siyensiya, magpapabulusok ng radar sa buwan at ipapakitang walang tubig sa himpapawid. Pero alam nga ni Noe na ang Diyos talaga ito, nakatayo siya sa Kanyang Presensya, at Siya ang Diyos na nagsalita sa kanya, at Siya'y malinaw na malinaw na napagkikilala sa Salitang 'yun talaga ng Diyos, at tumayo siya sa Presensya ng Diyos, siya ay—siya ay naging pursigido. Gagawin at gagawin niya ang daong, ano't anupaman; at kahit pa nga walang gustong tumulong sa kanya, gagawin at gagawin niya 'yun nang mag-isa. Siya nga'y naging pursigido dahil alam na alam niya talaga na Salita 'yun ng Diyos, at kaya ginawa niya ang daong.

<sup>34</sup> Naiisip ko kung—kung paanong si Moises, isang magaling na iskolar, napakatalino niya na nagagawa niyang—nagagawa niyang turuan ng karunungan ang mga taga-Egipto. Nagagawa niyang turuan ang mga tagapagturo. Kabisadong-kabisado niya ang—ang teolohiya na nalalaman ng mga taga-Egipto, at maging 'yung sa pamilya niyang Hebreo. Isa siyang matalino, marunong na tao, isang dakilang... Itinuro sa atin noon na isa siyang militar. Pero ganoon na lamang ang pagkabigo niya, dahil, sa isang pangyayari. Pumatay siya ng isang taga-Egipto, at nahinto ang edukasyon niya; nung akusahan nila siya na, "Papatayin mo rin ba kami gaya ng pagpatay mo sa Egipcio?" Ang iniisip nga niya'y maiintindihan 'yun ng kanyang mga kapatid. At kaya ganun na lamang kamiserable ang kanyang—kanyang pagkabigo.

<sup>35</sup> At nagbunsod nga 'yan na maisip ko ang bagay na ito. Yan ang rason, ngayong gabi, kung bakit ang mga sistema natin ay nabibigo. Yan ang rason kaya di natin magagawa kahit kailan na bigyan ng edukasyon ang mga tao para makilala ang Diyos. Hinding-hindi natin maaaring gawan sila ng denominasyon para abutin ang Diyos. Sinubukan na natin itong lahat ng mga sistemang ito, at lahat ng ito'y nabigo, gaya nung, gaya nung pagbagsak ng tore ng Babel. At sa tuwina nga'y mabibigo ang mga ito.

<sup>36</sup> Ang Diyos, ang di-nagbabagong Diyos, nagpasya na Siya noon pa man sa Halamanan ng Eden, kung paano Niya ililigtas ang tao.

<sup>37</sup> At sa tuwing ang Diyos ay gagawa ng pasya, kinakailangan nga nitong manatili sa ganoong pamamaraan. Hinding-hindi Siya puwedeng magbago. Hindi Siya puwedeng tumaas pa ang

karunungan. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng karunungan. Anupaman ang sabihin ng siyensiya, kung 'yun nama'y kontra sa Karunungan o Salita ng Diyos, salungat 'yun, hindi 'yun tama. Wala akong pakialam gaano mang kasiyentipiko itong mapatunayan, mali't mali pa rin ito.

<sup>38</sup> Nakapagpasya na noon ang Diyos na ililigtas Niya ang tao sa pamamagitan ng pagbubo ng Dugo ng Isa na walang sala. Ang ginawa nila'y magtatag ng mga kabayanan, sinikap nilang pagbuklud-buklurin ang mga tao, sinubukan nilang magtayo ng mga tore, bigyan sila ng edukasyon para makapasok Dito, at ang nangyayari nama'y palayo sila nang palayo rito sa tuwina. Hinding-hindi mo nga maililigtas ang tao hangga't di mo siya panunumbalikin sa Dugo. Yun lamang ang natatanging dako na katatagpuin ng Diyos ang tao. Hindi nga sa pamamagitan ng kanyang katalinuhan, ni sa pamamagitan ng kanyang dunong, o kung gaano mang karami ang nagtanghal sa kanya na maging pari, o obispo, o tagapangasiwa sa buong estado, o anupaman siya, ministro, diyakono, hindi 'yan ang pagbabatayang dako na katatagpuin ng Diyos ang tao. Kanyang katatagpuin ang tao sa batayang dako na siya'y sumailalim na sa nabubong Dugo. Yun lamang ang natatanging dako kailanman na nakatagpo ng Israel ang Diyos, para sumamba, sa ilalim lang ng nabubong dugo. Yun ang inilaang pamamaraan ng Diyos. Walang ibang paraan na uubra. At sa ilalim ng nabubong Dugo, kinakatagpo ng Diyos ang tao at tatayo sa harap ng tao.

<sup>39</sup> Si Moises, itong intelektuwal na lalaking ito na tumakas, tumakas na propeta, dun siya napadpad sa likurang bahagi ng ilang, at napakasalan niya dun ang isang magandang babaing taga-Ethiopia, at namuhay dun; nagkaroon ng anak, si munting Gersom. At isang araw habang naglalakad siya sa palibot ng ilang, sa likurang bahagi ng ilang, siya'y matanda nang lalaki't otsenta anyos na, mukha ngang wala na sa kanyang mapag gagamitan, bilang ministro, pero nakatagpo nga siya dun ng isang kahoy na nagningas ng Apoy at di 'yun matupok-tupok. At nagpunta siya sa isang gilid para usisain ang nangyayari, at napunta siya sa Presensya ng Diyos; at narinig ang Presensya ng Diyos, narinig ang tinig ng Diyos, habang naroon siya sa Kanyang Presensya, nung mga oras na 'yun na 'yung Haliging Apoy ay nandun noon sa kahoy na 'yun, nakikipag-usap sa kanya. Hayan nga't noon, takot na takot siyang mapadako dati malapit sa Egipto, dahil iniisip niyang kikitilin ng Faraon ang kanyang buhay, ngayon wala nang kahit anong makakapigil sa kanya.

<sup>40</sup> At kung minsan kapag ang isang tao'y nakakapasok sa Presensya ng Diyos, at nakakapakinig ng tinig ng Diyos, siya'y nakakagawa ng mga bagay na sadyang—sadyang kakaiba sa pangkaraniwang kaisipan ng tao, na parang nagiging katawatawa 'yun pakinggan.

41 Heto nga't nung sumunod na araw na. Itong lalaking ito na dati'y takot na takot mamuno ng isang hukbo para sugurin ang Egipto, hakutin ang lahat ng mga alipin na naroon sa Egipto, takot na takot nga siya noon na sugurin si Faraon sa paraan na 'yun; ay heto na siya, nung sumunod na araw, otsenta anyos na, 'yung balbas niya'y abot-abot hanggang sa kanyang baywang, nangingintab 'yung kalbo niyang ulo, may dala-dalang pilipit na tungkod sa kanyang kamay, 'yung asawa niya'y nakasakay sa isang mola't kalong-kalong ang kanyang anak, papunta na dun, nakatingin sa itaas ang kanyang mga mata, niluluwalhati ang Diyos.

“Saan ka papunta, Moises?”

42 “Papunta ng Egipto, para manlupig.” Sasalakay nang nag-iisa lang siya! Bakit? Siya kasi'y napadako sa Presensya ng Diyos. Nakita niya kung anong kayang gawin ng Diyos gamit ang isang tungkod. Hindi niya alam kung anong magagawa Niya gamit ang isang hukbo. Ang alam niya ay kung ano ang magagawa Niya gamit ang isang tungkod.

43 Hindi ko alam kung anong magagawa Niya gamit ang isang denominasyon. Pero alam ko kung anong kaya Niyang gawin gamit ang isang tao na maisusuko ang sarili nang buong-buo sa Kanya. Ang kailangan lang Niya, ay isang tao, ikaw 'yun. At siya'y masigasig pa. Wala nang kahit ano na makapipigil sa kanya.

44 Si Moises nga'y nakapasok sa Presensya ng Diyos, narinig ang Kanyang tinig sa isang—isang mapaghimalang tanda. Alam niya na Siya'y tumutupok na Apoy, at heto Siya sa Haliging Apoy na 'yun doon sa isang kahoy. Lahat ng edukasyon niya, lahat ng teolohiya niya, ay nawaglit sa kanya. At iisang bagay na lang ang nalalaman niya: na may Diyos talaga, at tinanggap na niya ang Kanyang mga utos. Sapat na ang isang pilipit na tungkod. Siya nga'y nakapasok na sa Presensya ng Diyos.

45 Hindi na mahalaga gaano mang karaming kalalakihan ng Egipto ang sinanay sa pakikidigma. Anuman sa mga ito'y di na mahalaga kay Moises. Siya'y nakapasok na sa Presensya ng Diyos, at siya'y masigasig na. Papunta na siya roon para manlupig, laban sa mga kalasag at mga kalalakihang sinanay sa pakikidigma, na libo't makasampung libo ang bilang, na pilipit na tungkod lamang ang nasa kamay niya. Pigilan n'yo siya kung kaya n'yo. Walang kahit ano ang makapipigil sa kanya. At nagawa niya 'yun, nagpunta siya roon at nanlupig dahil siya'y masigasig nung ganap na malaman niya na siya ay napasa Presensya ng Diyos, at narinig ang tinig ng Diyos mula dun sa Presensya ng Diyos. Amen. Di lang ito basta tinig, bagkus isa itong tinig na nakabatay sa Kasulatan.

Maraming iba't ibang klase ng tinig. Suriin n'yo 'yun sa Salita.

46 Sabi nung tinig, “Ako ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob. Nangako Akong ililigtas Ko ang bayang iyon. Ito na ang panahon. Narinig Ko ang kanilang daing, nakita kung paanong pinahirapan sila ng mga nagmamando sa kanila, at naalala Ko ang Aking pangako. At Ako’y bumaba upang iligtas sila, at isinusugo Kita upang gawin ito.” Sapat na ’yun. Nakita niya ang Kanyang Kaluwalhatian, at siya’y humayo na.

47 Si David ay siya namang masigasig talaga nung siya’y naparoon minsan sa—sa hukbo ng Israel, na natigilan sa isang pananakot nung mga panahong ’yun, at hayan nga’t sa kabila lang nung batis at dun sa kabilang panig ay ang mga—mga Filisteo. Nandun noon si Goliath, isang napakalaking kalaban, halos doble ang laki at taas sa ordinaryong tao, labing-apat na pulgada ang mga daliri; at may mahabang sibat, nasa ilang talampakan din ang haba, na nakatayo lang dun at kayang tuhugin ang isang tao gamit nun, nang *paganoon*, at ihagis sila sa gilid; hawiin sila, tuhugin sila gamit ’yung sibat na ’yun at ihagis sila gilid, habang sumusulog sila paakyat ng burol.

48 At sa tuwing nalalaman ng kaaway na nakakalamang siya sa inyo, gustong-gusto nga n’yang magyabang. Kaya ang sabi nito, “Huwag na nating paabutin pa sa maraming dugo ang dadanak.” Sabi, “Saul, papuntahin mo rito ang ilan sa mga tao mo’t labanan ako. At kapag napatay ko siya, buweno, kung ganun, paglilingkuran n’yo kami. Pero kapag siya naman ang nakapatay sa akin, kami ang maglilingkod sa inyo.” Kita n’yo, sa tuwing nalalaman ng kaaway na nakakalamang siya!

49 At bawat kawal dun ay talaga namang nanginginig na di niya—di niya halos maidiretso ang kanyang baluti. At si Saul, ang pinaka malakas sa kanilang lahat, ulo’t balikat na mas mataas kaysa sa kanyang hukbo, ni di nga siya nagpangahas na salingin man ang kaaway, at kung tutuusin siya’y pinahiran naman ng Panginoon.

50 Pero heto nga’t may isa na nagbuhat sa ilang, isang maliit na binatilyong hukot ang balikat, mamula-mula ang pisngi, na tirador lamang ang dala-dala sa kanyang kamay. At itong higante’y nagyabang sa harap ng taong ’yun na di niya dapat pinagyabangan. At sabi ni David, “Ang ibig n’yo bang sabihin sa akin ay hahayaan n’yo ang di tuling Filisteong ito na tumayo roon at hamunin ang hukbo ng buhay na Diyos? Ang ibig n’yo bang sabihin sa akin ay hahayaan n’yo lang ang bagay na ’yan na mangyari?”

51 Ngayon sabi ng kanyang mga kuya, “Loko kang bata ka. Bumalik ka na nga lang dun sa mga tupa, kung saan ka nababagay.”

52 At nakaabot kay Saul ang balita. Sabi ni Saul, “Dalhin n’yo rito ang binata, hayaan n’yong matingnan ko siya.”

53 At nung lumapit na siya roon, isa nga siyang maliit na binatilyong hukot, mamula-mula ang pisngi't tumayo roon, marahil nakalaylay pa ang buhok niya sa mata niya. At sabi nung hari, "Buweno, ikaw, di mo kayang kalabanin ang taong 'yun." Sabi, "Sino ka ba't isang munting binatilyo lang naman, isang munting—munting binalityong mamula-mula ang pisngi, at batang-bata pa. At ang taong 'yun ay mandirigma na mula sa pagkabata niya." Sabi niya, "Di mo siya kayang kalabanin. Hinahangaan ko ang iyong katapangan, pero hayan . . . grabeng laki nito."

54 Anong nangyari? Sabi nung hari, "Sige't titingnan ko kung puwede mong gamitin ang baluti ko." Kaya isinuot nung hari ang kanyang baluti sa binatilyo, ibinigay sa kanya ang kanyang kalasag.

55 Buweno, ang kaawa-awang munting David ay di man lang makatayo. Sabi niya—sabi niya—sabi niya wala raw siyang—siyang—siyang nalalaman tungkol dun. Nalaman tuloy niya na 'yung makasimbahang abito ni Saul ay di akma sa isang tao ng Diyos.

56 Kaya heto na nga't sabi nung hari, "Ipadala ko siya at pag-aaralin siya, pakukuhanin ng Ph.D., LL.D., at kung anu-ano pa, at titingnan ko kung anong magagawa niya dun."

57 Sabi nung binatilyo, "Wala akong nalalaman tungkol sa mga bagay na ito. Hubarin n'yo ito sa akin. Wala akong—wala akong nalalaman tungkol dito."

58 "Pero heto ang isang bagay na nalalaman ko. Nagpapastol ako ng tupa ng aking tatay, at may isang leon na lumitaw at tinangay ang isa sa kanila. At tinugis ko siya, dahil iniatang sa akin ng aking tatay ang tungkulin na bantayan ang mga tupa." Amen. At kahit sinong mabuting pastol ay tagapagbantay talaga ng mga tupa. Tapos sabi niya, "Wala nga akong dala-dala kundi tirador lang sa aking kamay, pero napatumba ko siya; at nung tumayo siya't sasakmalin ako, pinaslang ko siya. Tapos may lumitaw na oso at tinangay ang isang tupa. Hinabol ko siya't inagaw ko ang tupa sa kanyang bibig; at nung tumayo siya, pinaslang ko siya." At sabi, "Gaano pa kayang mas higit na gagawin ng Diyos ng Israel, Diyos ng Langit, na ibigay sa aking kamay ang di tuling Filisteong 'yan!"

59 Ang munting binatilyong 'yun ay masigasig dahil alam niya ang sinasabi niya. Kilalang-kilala niya Siya na kanyang sinasampalatayanan, at lubos na nananalig na Siya'y tunay na makapangyarihan na pangalagaan ang kanyang ipinagkatiwala sa Kanya sa araw na iyon. Ngayon ano ba't tirador lang ang mayroon siya, 'yun lang ang mayroon siya. Sabi niya, "Pupunta ako roon at lalabanan ang Filisteong 'yun." Dahil nga, ang rason kung bakit siya ganoong kasigasig, ay dahil alam niya na kung ang Diyos, sa pag-aalaga ng isang tupa, ay tinulungan siya para



iligtas 'yung tupa na 'yun pabalik sa kanyang ama, gaano pa kaya kung tao na.

<sup>60</sup> Ngayon isipin n'yo 'yun, lahat na mga ministro. At ganoon din ang nararamdaman namin sa inyo na mga tupa, ngayong gabi. Lumitaw ang diyablo't binanatan kayo ng karamdaman. Siyanga. Inagaw niya kayo mula sa mabuting kalusugan. Ako—ako'y wala ngang Ph.D. Wala akong LL.D. Ni hindi nga ako nakatapos ng edukasyon sa mababang paaralan. Pero batid ko nga itong taglay-taglay ko. Sasadya ako para sa inyo, ngayong gabi, para ibalik kayo sa lilim ng luntiang mga pastulan at mga tubig na pahingahan. Yan ang dahilan kung bakit narito kami sa entablado, ngayong gabi, ay para nga sumadya't kunin kayo, bawiin kayo mula sa kamay ng leon diyan, ipanumbalik kayo. Maging mapagtiis po lamang, makinig na maigi at magmatyag, sikapin n'yong makita itong sinisikap naming gawin dito, na matulungan kayo.

<sup>61</sup> Ngayon, si David nga'y naging pursigidong mainam, dahil hetong nakikilala niya nang lubos itong Siya na kanyang sinasampalatayanan, at alam niyang kaya niyang ipagkatiwala; ang anumang ipinagkatiwala niya sa Kanya, may kakayahan Siya na tuparin 'yun.

<sup>62</sup> Nakita rin natin itong, si Samson, isa sa mga dakilang hukom ng Israel, at iniisip-isip nga ng ilang tao na si Samson ay may—may mga balikat na singlapad ng pintuan ng kamalig; ngayon kung ganun 'yun ay walang bagay na nakapagtataka dun, na makita ang ganung lalaki na papasanin ang pintuang-bayan ng Gaza at lalakad pasan-pasan 'yun, o hahablutin ang isang leon at hahapakin 'yun. Pero, alam n'yo, si Samson ay isa lamang munti't maliit. . . kung sa salitang lansangan, maliit na pipitsuging, munti't maliit, na mahina't de tirintas ang buhok, na lalamya-lamya't, sanggang-dikit ni nanay, pitong de tirintas ang buhok. Kakaiba nga 'yun. Pero itong, iniisip nilang lalaki, na napakalaki't matikas na sampung-talampakang lalaki, na susunggaban lang 'yung leon nang ganun-ganun, ay siyempre naman, at mapapatay niya 'yun. Pero ang kakaiba ngang bagay rito, ang munting lalaking ito ay para bang walang magagawa hanggang sa lumukob sa kanya ang Espiritu ng Panginoon. Di nga ito sa gana ni Samson. Ang Espiritu ng Panginoon ito.

<sup>63</sup> Yan din ang rason kung bakit hindi 'yun sa gana ng mga alagad. Pinili silang lahat ni Jesus, lahat halos sila'y ni walang sapat na edukasyon para mailagda man lang ang kani-kanilang pangalan. Hindi Siya pumili ng mga saserdote. Hindi Siya pumili ng mga teologo. Pumili Siya ng mga mangingisda't mga pastol, mga mangmang at di nakapag-aral, nang sa gayon ay Kanyang kukunin 'yun sa Kanyang kamay, at mula sa wala ay gagawa ng natatanging bagay mula roon. Yun ang Kanyang kalikasan. Kaya hindi nga Siya kumukuha ng sinanay na mga iskuwelahan at sinanay na mga iskolar, kumukuha Siya ng isang

bagay na napagtatanto nito na siya'y hamak lamang. Kanyang pagtutuunan 'yun ng pansin at gagawa ng bagay na natatangi mula rito.

<sup>64</sup> Natuklasan din natin na itong si Samson ay isang Nazareo, may pitong mumunting tirintas siya na nakalaylay sa kanyang likuran. At sa tuwing dumarating sa kanya ang Espiritu ng Panginoon, siya nga'y walang kinatatakutan. Bakit? Siya kasi'y pursigido hangga't nararamdaman niya ang pagkakatalaga sa kanya bilang Nazareo. Hangga't nakakapa niya sa likod niya at nararamdaman 'yung mga tirintas na 'yun, batid niya na siya'y nasa kalooban ng Diyos at walang kahit anong makaka gapos sa kanya. Di siya kayang gapusin ng siyudad. Di siya kayang patayin ng leon. Pumulot siya minsan ng buto ng panga ng isang mola, at tuyung-tuyo na 'yun, at nagawa pa rin niyang gapiin ang isang libong mga Filisteo, gamit 'yun.

<sup>65</sup> Alam n'yo ba na 'yung mga turbanteng 'yun, mga tansong turbanteng 'yun, ay nasa lampas isang pulgada ang kapal? Alam n'yo ba kung anong mangyayari kung 'yung matanda't disyerto-sa-tuyong buto na 'yun ay ihahampas sa ganun? Aba, sasambulat nga 'yun sa milyun-milyong piraso. Pero tumindig nga siya roon, isang kamay lang ang gamit, gamit itong buto ng panga ng mola, at pinaghahampas niya 'yun sa kanilang ulo, at pumaslang ng isang libong mga Filisteo. Bakit? Siya kasi'y pursigido. Sa tuwing hahampas siya, nararamdaman niya 'yung Nazareong pagkatalaga sa kanya na kumikilos sa likuran niya.

<sup>66</sup> Gaano pa kayang kikilos 'yun sa iglesya, ngayong gabi, na nagsasabing kayo'y naipanganak na sa Espiritu ng Diyos! Tatayo sa pagtitipon at kitang-kita naman na ang katibayan ng nagbangong mag-uli na Jesus Cristo, at sinasabi-sabing taglay n'yo ang Espiritu Santo, at tapos mauupo na lang at hahayaan lang n'yo si Satanas na itulak-tulak kayo gaya ng ginagawa niya? Kakaiba naman yata 'yan. Hangga't nararamdaman n'yo ang Presensya ng Espiritu Santo, nalalaman na ito'y Kanyang Salita at Kanyang pangako para sa panahong ito, dapat nga kayong maging pursigidong sumulong hanggang sa tapos na ito. Pagkamasigasig! Manatili lang kayo rito! Ipinangako ito ng Diyos. Hindi ito sa ganang inyo. Ang Diyos ito!

<sup>67</sup> Dumako naman tayo sa munting birheng Maria. Ngayon sa mga kababaihan naman. Ngayon siya nga'y isang ordinaryong dalaga lamang na nakatira sa isang talagang masamang bayan na mas masahol pa sa Topeka. At dun siya nakatira, pero siya'y namuhay ng isang tuwid at malinis na buhay, at nakatakda na siyang ikasal noon sa isang lalaking nangingalang Jose. At isang araw habang nasa daan siya noon patungo sa isang balon, para sumalok ng tubig, haya't may maningning na Liwanag na lumitaw sa harapan niya. At may isang Anghel na tumayo roon, ito ngang si Gabriel, at sinaysay sa kanya na siya'y—siya'y magdadalantao, na walang sisiping na lalaki sa kanya. At nung

panahong ding 'yun, binanggit din 'yung tungkol kay Elisabet, na kanyang—kanyang pinsan na may katandaan na, na asawa ni Zacarias, at siya'y naglilihi sa kabila ng kanyang katandaan.

<sup>68</sup> At ngayon itong si Maria, nakikinita n'yo naman siguro kung paanong magiging tampulan siya ng katatawanan ng mga tao, na isiping ang batang-batang dalagang ito, na katipan ng isang binata, magkasintahan sila, at tapos hetong lalantad na magiging nanay na siya. Pero hindi na 'yun mahalaga sa kanya. Siya'y naparoon sa Presensya ng Diyos. Napakinggan niya ang Tinig ng Diyos. Hindi niya alintana anumang panlilibak ang gawin ng mga tao, o pagtatawa ang gawin ng mga tao, o anong sabi-sabihin nila tungkol dun. Siya'y pursigido. Doon nga sa bulubunduking lalawigan ay siya'y humayo!

<sup>69</sup> At ang mga kababaihan nung araw ay di katulad nung mga kababaihan ngayon, na lalabas sa daan na naka-shorts lang; at dalawang araw na lang manganganak na, pero lalantad nang naka-ganun sa harap nung mga kalalakihan. Kahiya-hiya 'yun sa sangkatauhan. Siyanga.

<sup>70</sup> Ikinubli niya ang kanyang sarili. At itong si munting Maria ay nagpunta nga roon bago siya maging nanay, at naparoon siya sa bulubundukin ng Judea para makipagkita kay Elisabet. At nung mga panahong 'yun na ikinukubli rin ni Elisabet ang kanyang sarili, walang duda, isang umaga, habang nakatanaw siya mula sa kurtina, nakita niya itong dalaga na paparating, nagmamadali, at nakilala niya na 'yung—'yung pinsan niya ito, si Maria. At gaya ng mga kababaihan noon, may pananabik nga sila na makita ang isa't isa, ganoon na lamang ang halaga nila sa isa't isa, sumalubong siya dun, marahil, at iniabot niya ang kanyang mga bisig at niyakap ang pinsan, at kinumusta siya.

At sabi niya, “Nauunawaan ko na magiging nanay ka na.”

“Oo.”

Sabi niya, “Alam mo, ako'y magiging nanay na, rin.”

“Oh, ikaw pala't si Jose ay naikasal na?”

“Hindi, hindi pa kami kasal.”

<sup>71</sup> At nakita niya ang mga senyales na siya'y magiging nanay na talaga. Sabi niya, “Ibig mo bang sabihin, iha, na ikaw at si Jose ay hindi pa kasal, at sa kabila nun magiging nanay ka na?”

“Oo.”

“Paano ito nangyari?”

<sup>72</sup> “Ang Espiritu Santo ay lumilim, haya't. . . nililiman ako. Sinabi 'yun ng tinig ng Diyos.” Tapos sabi, sabi, “Batid kong magiging nanay ka na, rin.”

<sup>73</sup> Sabi niya, “Oo nga, pero anim na buwan ko na itong dinadala, at ako'y—ako'y alalang-alala dahil di pa gumagalaw ang sanggol.”

74 Ngayon, kahit sino'y nalalaman na ganap nga 'yung di pangkaraniwan; dalawa o tatlong buwan pa lang, at ramdam na dapat 'yung buhay dun. Pero lumipas na dun ang anim na buwan, wala pa ring senyales ng buhay. Ngayon ang sanggol ngang 'yun ay patay, anim na buwan nang walang buhay. Sinabi niya tuloy na alalang-alala siya dun.

75 Sabi niya, "Pero ang Espiritu Santo'y bumaba sa akin," sabi ni Maria kay Elisabet, "Bumaba ang Espiritu Santo sa akin, at nililiman ako; at ang sabi'y magkakaroon ako ng isang anak na lalaki, at Siya 'yung magiging Anak ng Diyos, at tatawagin ko ang Kanyang Pangalan na 'Jesus.'"

76 At nung pagkasabi na pagkasabi nung pantaong Pangalan na 'yun ng Diyos, "Jesus," masabi ng mortal na labi, masabi ng isang tao, nagkaroon ng buhay 'yung patay na sanggol sa loob ng sinapupunan nung isang babae, at natanggap ang Espiritu Santo. At kung may kapangyarihan nga 'yun na gawin 'yun sa isang sanggol, na patay dun sa sinapupunan nung nanay, anong lalong higit nga na ipangyayari ito sa Iglesyang ipinanganak na muli? Nung unang masambit ng mortal na labi ang Pangalan ni Jesus Cristo, isang patay na sanggol sa sinapupunan ng nanay niya ang nagkaroon ng buhay at natanggap ng Espiritu Santo. "Ano't pumarito sa akin ang ina ng aking Panginoon?" sabi ni Elisabet. "Sapagkat pagdating sa aking mga pakinig ng iyong pagbati, lumukso sa tuwa ang aking sanggol sa aking tiyan."

77 Samantalang ngayon inaangkin nating taglay-taglay natin ang Espiritu Santo, at tapos naduduwag naman Dito, natatakot na sumulong. Kinakailangan na nating maging pursigido. Kung totoong taglay na kasi natin ang tunay na Espiritu Santo, tayo'y magiging pursigido.

78 Ngayon napapalayo na ako maigi, lumalayo, napapalayo na ako sa teksto ko. At heto na nga't oras na halos para simulan ang pila sa pananalangin ngayon, at di pa ako nakakadako sa mismong teksto ko. Maiksi na lamang po.

79 Itong babae na tinatalakay natin, itong Sirofenisang babae, siya'y isang Griyego, at nakapakinig siya minsan tungkol kay Jesus. Ngayon, "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig ng Salita ng Diyos." At nakapakinig nga siya.

80 At, sa kung anong paraan, ang pananampalataya nga'y nakakahanap ng mapaghuhugutan na di makita-kita ng iba. Sasabihin ng—ng doktor marahil, "Anak, ginawa ko nang lahat ng makakaya ko para sa iyo." Nasa dulo na siya ng kanyang hangganan. Hanggang dun lang ang kaya niyang gawin. Sinuri na niya 'yun bago pa man at wala na talaga siyang magagawa pa. Pero, kita n'yo, ang pananampalataya nga'y nakakahanap ng mapaghuhugutan na walang kaalam-alam ang siyentipiko

tungkol dun. Di 'yun kayang patunayan ng siyensiya, dahil ang pananampalataya . . .

<sup>81</sup> Ang buong kagayakan ng Diyos ay sobrenatural. Ano ba ang kagayakan ng Diyos? Pag-ibig, ano nga ba ang pag-ibig? Sige't patunayan n'yo nga sa akin gamit ang siyentipikong pamamaraan kung may ganyang bagay talaga na ang tawag ay pag-ibig. Saan ito nakalagay? Kayo, ilan dito ang umiibig, itaas n'yo po ang inyong kamay; umiibig sa asawa n'yo, umiibig sa kapatid n'yo, umiibig sa kaibigan n'yo? Buweno, gusto kong may isa rito, gamit ang siyensiya, na patunayan sa akin kung anong bahagi mo rihan ang pag-ibig. Saan n'yo ito puwedeng bilhin, saang bilihan ng gamot? Gusto ko ng isang tumpok nito, pag-ibig. Kagalakan, may kagalakan ba kayo? Kapayapaan, pagpapahinuhod, kaamuan, pagtitiis, ano nga ito? Ang lahat ng ito'y sobrenatural.

<sup>82</sup> Ang Diyos ay sobrenatural. Di mo puwedeng patunayan ang Diyos sa siyentipikong pamamaraan. Basta pinaniniwalaan n'yo lang ang Diyos. Pinaniniwalaan n'yo lang ito. Kung di kayo naniniwala rito, haya't, ang isang taong magsasabing "lahat ng bagay na di kayang patunayan gamit ang siyensiya, ay di kinikilala, di 'yun tama," kung gayon ang taong 'yun ay di maaaring maging Cristiano. Kinakailangan kasing maniwala ng tao. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay naniniwala tayo sa Diyos; hindi sa pamamagitan ng edukasyon, ni sa pamamagitan man ng teolohiya. "Bagkus sa pamamagitan ng pananampalataya ay naligtas kayo."

<sup>83</sup> Pansinin n'yo, ang pananampalataya nga'y nakakahanap ng paghuhugutan na di makita-kita ng iba. Ang Salita Niya'y isang tabak, Mga Hebreo 4:12 ang sabi diyan, "Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, kumikilala maging ng mga pag-iisip, mga haka nito na nasa puso." Yan nga ang Salita ng Diyos. At ang tanging bagay na maaaring humawak dun sa tabak na 'yun ay yaong kamay ng pananampalataya.

<sup>84</sup> Wala nang iba pang maaaring makagawa nun, wala nang iba. Kinakailangan n'yong ibaling ang tingin n'yo sa labas, ng pagiging siyentipiko. Sa inyo kasing, siyensiya, edukasyon, ay di n'yo magagawang hawakan ang tabak. Di n'yo kayang gawin 'yun gamit ang edukasyon; masyadong maraming pasikut-sikot, masyadong komplikado; nagagawa lang n'yo, nagagawa lang nitong, nagagawa lang nitong itatwa ang Sarili Nito at lahat ng iba pa. Kaya di mo magagawa 'yun. Sinabi ni Jesus na, "Ito'y inilihim sa inyo," kaya kalimutan n'yo na. Hinding-hindi n'yo ito malalaman. Inilihim ito. At sa tuwing maglilihim ang Diyos ng anupamang bagay, talagang natatago ito.

<sup>85</sup> Yan ang dahilan at kayo'y tunay na natatago na, kung isa kayong Cristiano. "Sapagkat kayo'y nangamatay na, at ang buhay n'yo ay natatago na sa Diyos, kay Jesus Cristo, at may

tatak na ng Espiritu Santo.” Papaano pa kayong mahahanap ng diyablo? Di nga niya kayang gawin ’yun. Kayo’y natatago na. Diyos mismo ang nagtago sa inyo. Amen. Napaka dakilang dako nga na matataguan, sa sinapupunan ni Jesus Cristo!

<sup>86</sup> Ngayon, pananampalataya nga ang humahawak dito, ang may tangan nito. Ngayon marahil di kayo ganoong kalakas, sa bisig ng pananampalatayang ’yun, na di n’yo kayang gumawa ng butas na paglalagusan, at makalakad dun gaya ng nagagawa ng iba. Pero magpursigi lang kayo nang magpursigi, darating at darating din sa puntong ’yun. Panghawakan n’yo lamang ito.

<sup>87</sup> Marami siyang naging hadlang, itong munting babaing Griyego na ito, pero ang pananampalataya niya’y walang kahit anong hadlang. Ang pananampalataya nga’y walang balakid. Walang kahit anong makakahadlang sa pananampalataya. Di ko alintana anumang sabihin ng iba, pero walang kahit anong makakahadlang sa pananampalataya. Tingnan nga natin ang “mga marahil” na maaaring nangyari noon sa kanya. Marahil siya’y . . .

<sup>88</sup> Mayroon, marahil may nagsabi sa kanya minsan, “Isa kang Griyego. Ang denominasyon mo’y di naman sumusuporta sa pagtitipon Niya.” Pero siya nga’y pursigido, ano’t anuman. Siya’y magpupunta’t magpupunta, ano’t anuman, dahil siya’y nakapakinig. “At ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig.” Di sa pamamagitan ng pakikipagtulungan; bagkus sa pamamagitan ng pakikinig.

<sup>89</sup> Pansinin, marahil ay nasabi nila ito, na, “Ika’y Griyego. Hindi ka nila kauri ng lahi. Ika’y, haya’t—hayan nga’t. . . Iba ang kulay ng balat nila sa iyo. Iba ang lahi nila.” Nangyari man ’yun, di pa rin siya natinag nun. Di siya nagpatinag dun.

<sup>90</sup> At marahil may ilan sa kanila ang dumating at nagsabing, “Ngayon kalokohan lang ’yan. Lipas na ang panahon ng mga himala. Wala nang mga ganyan ngayon na naririnig mong pagpapagaling daw. Ang lalaking ’yun ay kung sino lang diyari na panatikong basta na lang sumulpot.” Siyanga naman, napakarami nilang iba’t ibang uri ng pekeng personalidad dun, pero may isang tunay talaga, sa isang dako, na nagpapangyari ng ganoong mga bagay. Tama. Ngayon sabi, “Lipas na ang panahon ng mga himala, wala nang mga ganyan ngayon. Kung sinu-sinong panatiko lang ang nasa dakong ’yun, mga kaunting mabibilang mo na’t. . . Nagkaroon na tayo dati ng mga ganyan noon.”

<sup>91</sup> Pero, sa kabila nun, may kung anong bagay nga na tumimo dun sa babae; siya’y nanatiling pursigido. Ang araw ng mga himala ay marahil lumipas na dun sa isang ’yun na nakausap niya; pero hindi nga ito lipas sa kanya. Marahil lipas na sa ilan sa mga nakakahalubilo mo, pero hindi sa iyo, kung may taglay kang pananampalataya.

<sup>92</sup> Marahil may isa pang grupo dun, marahil mga kababaihan na nakatayo sa isang sulok, sasabihin, “Marta.” Sana’y walang pangalang Marta rito. “Marta, alam mo? Iiwan at iiwan ka ng asawa mong lalaki, kapag nagpunta ka sa pagtitipong ’yun. Ngayon, alam kong ang anak mong babae’y may epilepsy, pero heto sinasabi ko nga sa’yo, ’yang pagpunta mong ’yan . . . Kapag nahuli ka ng asawa mong pupunta ka dun! Ang asawa mo’y miyembro ng prestihiyosong mga kapisanan at mga samahan sa siyudad; kung pupunta ka dun, hihiwalayan ka niya.” Ni di nga ’yun naging hadlang sa kanya. Magpupunta’t magpupunta siya, ano’t anuman. Umangkla nang mainam ang pananampalataya. Ang pananampalataya’y walang nalalamang balakid.

<sup>93</sup> Buweno, heto ring, marahil may isa na naman grupo dun sa isang sulok, na ang sabi, “Alam mo? Magiging tampulan ka ng katatawanan ng buong simbahan, dahil magpupunta ka dun nang wala man lang katuturan. At malalaman ng mga tao ’yang pagpunta mo dun. At kapag nagkaroon ka ng pakikisama sa mga nandun, ikaw nga’y magiging tampulan ng katatawanan ng mga tao. Tatawanan ka ng lahat.” Di siya natinag nun, hindi talaga. Siya’y pursigido.

<sup>94</sup> Marahil may ibang grupo dun ang nagsabi, “Ititiwalag ka nila sa iyong simbahan; ibabalik na nila sa iyo ang card mo ng pakikianib.” Sa kabila nun, siya’y pursigido pa rin. Hindi siya nun nahadlangan kahit kaunti. Bakit? Hawak-hawak na niya nang mainam ang pananampalataya.

<sup>95</sup> Kung may oras lang sana ako na lumagi rito nang apat na oras at isaysay lang sa inyo ang mga—ang mga katulad din nun na karanasan, ng mga kababaihan at kalalakihan at mga bata, na nasa bingit na ng kamatayan; haya’t, sa mga dokumentong inilabas ng mga doktor, sila’y buhay na buhay, ngayong gabi, sa biyaya ng Diyos. Dahil, may bagay na kumapit nang mainam sa kanila, itong pananampalataya! Yun ang pinaka punto. Sige.

<sup>96</sup> Nalampasan niya ang lahat ng mga balakid na ’yun, lahat ng mga kritiko, lahat ng pagtatawa, lahat ng “hihiwalayan ka ng asawa mo; babawiin na nila ang card mo ng pakikisama sa simbahan, kinakailangan mo nang maghanap ng iba; ititiwalag ka palabas; babansagan kang holy-roller.” Di siya nahadlangan nun, dahil nakita niya mismo ang Diyos. Narinig niya mismo, at ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig. At alam nga niya na may ilang pinagaling, kaya bakit hindi puwedeng mangyari ang pagpapagaling na ’yun sa anak niyang babae? Hayan nga, nilampasan niyang lahat ’yun.

<sup>97</sup> Sa wakas nakarating na rin siya sa paanan ni Jesus, at pansinin n’yo tila nakakagulat nga ito! Marami ang nag-iisip na basta’t nakarating na sila dun, ’yun na ’yun; pero pasimula n’yo pa lang ’yan. Nung makarating na siya dun kay Jesus, grabeng laking pagkadismaya nun sa kanya; o sa atin, marahil, dito sa

panahon natin ngayon. Sinabi nga ni Jesus na di Siya ipinadala para sa lahi nung babaing 'yun.

<sup>98</sup> Kung nangyari 'yan sa inyo na mga Pentecostal ng panahon ngayon, aba, baka magtaas-ilong kayo't lalakad dun palayo, at sasabihin, "Ganoon ba? Kung di nila ako gusto sa Assemblies, sa Oneness ako sasapi. Kung di nila ako gusto dun, sa church of God ako magpupunta. Di ko—di ko kailangang pagtiyagaan ang walang kabuluhang bagay na gaya n'yan." Ah, 'yan ang dahilan kung bakit naglaho ang mga himala sa kaiglesyahan. Yan ang dahilan kung bakit nawala ang pananampalataya sa kaiglesyahan. Kita n'yo?

<sup>99</sup> Maging si Jesus, ang mismong Diyos na! Pakinggan n'to ito. Yung mismong Diyos na pinuntahan niya para sambahin, na—na nagpabago sa kanyang kaisipan, at kaya siya'y nagtungo dun para—para sampalatayanan Siya; aba'y nung makarating siya sa Kanya, malamig na pakikitungo lang ang natanggap niya.

<sup>100</sup> Naaalala n'yo ba 'yung nabanggit ko kagabi tungkol sa mga hybrid na bulaklak at iba pang bagay? Ang pagka-Cristiano ngayon ay kopya na lamang. Hindi na orihinal. Kung taglay n'yo kasi 'yung orihinal na bautismo gaya nung tinaglay nila nung panahon na 'yun noong una, ang pentecostal na iglesya sana ngayon ay magiging. . . wala na sanang hahadlang sa inyo. Magmimistula itong bahay na nasusunog sa tuyong klima, at ginagatungan ng maalinsangang hangin. Walang makakapigil dun; magliliyab at magliliyab 'yun! Pero ano na itong narito ngayon? Hindi, ibang grupo na itong narito ngayon. Sa opinyon ko lang: isa na lamang itong kopya.

Pansinin, malamig na pakikitungo ang binigay Niya dun sa babae.

<sup>101</sup> Ngayon tinatapik-tapik natin ang mga tao sa balikat, "Sige pangako ko sa iyo; kung pupunta ka, isisingit ko itong card mo sa aklat ko rito, itong liham mo, at titingnan ko—titingnan ko—titingnan ko kung anong magagawa ko. Sige't isasangguni natin ito sa lupon ng mga diyakono, at titingnan namin kung maidudulog ka namin sa lupon ng mga diyakono o—o ano." Ganyan ang pamamaraan nila sa panahon ngayon. Nakikita n'yo ba kung anong klaseng grupo ang mayroon tayo ngayon?

<sup>102</sup> Pero heto nga't nung makarating na 'yung babae dun, ang sabi Niya, "Hindi Ako isinugo para sa iyong lahi. At, maliban pa dun, anupa't sila'y mga grupo ng mga aso lamang."

<sup>103</sup> Oh, grabe, ano kayang gagawin natin sa situwasyong 'yun? Ano kayang gagawin n'yo? Itanong n'yo 'yan sa sarili n'yo, at maging tapat lamang kayo. Di lang kayo napansin, aba, di lang kayo naipanalangin, nung unang gabi, sasabihin n'yo agad na di na kayo babalik. Tapos sasabihin mo may pananampalataya ka? Siyanga kaya. Sige. Ngayon, alalahanin n'yo, ang teyp na ito'y nakakarating sa iba't ibang panig ng mundo. Di lang dito



ang tinuturo ng daliri ko; tumuturo ako sa lahat ng dako. Kita n'yo? Siyanga, kayo, ayaw n'yo nang bumalik. Ayaw na. Ayaw n'yo nang maupo't pakinggan ang buong pagtitipon hanggang sa matapos ito. Kita n'yo? "Siyanga, may pananampalataya ako"?" Siyanga kaya.

<sup>104</sup> Pero heto't tinawag siyang aso. Yun ang pinaka mababang puwedeng maitawag, o sa kanila nung panahon na 'yun noon, isang maruming hayop. Kasi, ngayon halos sambahin na ito; heto nga't ang isang babae'y kukuha ng munting kagiliw-giliw na aso at aalagaan 'yun ng gaya ng pag-aalaga ng isang ina, at ayaw niya kasing magka-anak, dahil gusto niyang gumala lang sa labas sa mga sayawan at kasiyahan, at gawin lang 'yun, at wala siyang panahon para sa anak niya sana. Alam niya kasing puwede namang ikulong lang niya ang isang aso sa maliit na kulungan kung saan, at isama-sama 'yun. Ganun nga, kita n'yo. Ayaw niyang magka-anak, at tapos magpupunta ng simbahan at aawit sa koro; magsusuot ng shorts, pantalon, kung anu-ano pa, at tatawagin niya ang sarili na Cristiano; putol ang buhok at sa kabila nun ay nasasabi pa rin niyang nakikipagbuklod siya sa Diyos, samantalang sinasabi ng Biblia na wala siyang ugnayan. Yun ang totoo. Hindi ko alintana . . . Pakinggan n'yo.

Sasabihin n'yo, "Napakaliit na bagay lang naman nito, ano ba 'yang pinagsasabi mo?"

<sup>105</sup> Sa pasimula, isang salita lang ang nagbunsod ng lahat ng karamdaman at kamatayan. Ang siya ring Diyos, sa pinaka dulo nung Aklat, ay nagsabi, "Ang sinumang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito." Kaya kahit ano pa 'yang nagagawa n'yo, kahit gaano pang kabanal kayo sa palagay n'yo, kahit gaano pang karaming beses kayong magtatalon nang taas-baba at humagulgol, magsalita ng iba't ibang wika, magtatakbo nang paroo't parito, o anupaman 'yang inaadhika n'yong gawin, o mamigay man sa mahihirap, o ano man kayo; hindi 'yan 'yun. Binali mo ang Salita; at, isang Salita lang ang mabali, di na kayo makakabalik pa dun sa loob! Yun ang ganap na katotohanan, isang Salita lang. Tumatanggap nga kayo ng kredito imbis na ang Salita, dahil mas akma ito sa inyo.

<sup>106</sup> Yan ang dahilan kung bakit ang mga tao'y nagsisianib lang nang madali sa iglesya, at aanib sa *ganito*, *ganoon*, o dun sa *isa pa*, at mauupo lang dun, aba'y samahan lang 'yan kung ganun. Hindi 'yan iglesya. Ipinapanganak kayo sa Iglesya; sumasapi kayo sa samahan. Pero kayo'y ipinapanganak sa isang Iglesya, sa mismong Iglesya, hindi sa isang iglesya; sa mismong Iglesya. Iisa lang naman ang Iglesya. At kayo'y . . .

<sup>107</sup> Ako nga'y nasa pamilya Branham na ng mag-lilimampu't limang taon na, at ni minsan ay di nila ako niyaya na umanib sa pamilyang ito. Ipinanganak ako dun. Siyanga.

Oo, tinanggihan siya, tinawag na “aso,” pero kumapit pa rin ang babaing ’yun.

<sup>108</sup> Kita n’yo, siya’y may pananampalataya. Siya’y bigo sa mga kaibigan niya, bigo sa mga kababayan niya, lahat ng mga ito’y pinipilit siyang hadlangan. Pero sa kabila ng samu’t saring ibinabato sa daan niya. Ipinapakita lang n’yan na sinisikap ni Satanas na—na paurungin ang dalisay na pananampalataya, pero di niya magawa. Di na alintana anuman ang sabi-sabihin ng iba; nananatili ’yun sa kaibuturan. Siya’y nagpursigi. Siya’y sumulong lang.

<sup>109</sup> Nakarating nga siya kay Jesus, at ang sabi naman ni Jesus, “Hindi ako isinugo sa iyong lahi. Hindi ako isinugo sa iyong iglesya. Hindi sila nakikiisa rito. Ano ba naman sila’t grupo lamang ng mga aso, hayan nga.” Sa kabila nun ay sumulong pa rin siya! Ang sabi, “Ako, naparito Ako para—para pagalingin ang mga ito, na Akin, na ang pagparito’y di para pagalingin ka. Hindi nararapat para sa Akin na kunin ang tinapay ng mga anak at ipamigay ito sa inyo na mga aso.”

Sabi nung babae, “Katotohanan ’yan, Panginoon.” Amen.

<sup>110</sup> Sa tuwina’y tatanggapin ng pananampalataya ang Salita na katotohanang talaga ’yun. Amen. Ngayon kung gusto n’yong humawak sa kredo, gawin n’yo; pero ang pananampalataya, totoo’t tunay na pananampalataya, tatanggapin at tatanggapin nito ang Salita na ’yun ang Katotohanan.

<sup>111</sup> Ang sabi nung babae, “Katotohanan, Panginoon, subalit maaari namang kainin ng mga aso ang mga mumo sa ilalim ng dulang ng mga anak.” Natumbok nun. Natumbok nun. Ang babae ngang ’yun ay hindi isang—isang halamang pinatubo sa painitang bahay. Hindi siya isang—isang hybrid na halaman, na basta matawag lang na mananampalataya, gaya ng mga tanim natin sa panahon ngayon. Taglay-taglay niya ang tunay na pananampalataya. Tinanggap niya na Siya’y tama namang talaga. Haya’t di naman niya hinangad’yung lahat ng tinapay na kinakain ng mga anak; mga mumo lang ang inaasam-asam niya.

<sup>112</sup> Tayo’y may ugaling kukunin natin’yung pinakamainam o huwag na lang. Lalayanan nga natin Iyon, at tapos sasabihin natin, “May pananampalataya kami. Kung di tama ang trato nila sa akin, aba’y lalayas ako.” Di ’yan pananampalataya. Di ganyan ang pananampalataya.

<sup>113</sup> Yung pananampalataya’y’yung nandun nga. Ang sinisikap ko ngang sabihin sa inyo, mga kaibigan, tayo nga’y magdadaos ng pila para sa pananalangin isa sa mga gabing ito. At ayaw kong makakita ni isang stretcher, silyang de gulong, saklay, o anupaman maliban dun sa mga iiwanang nakalapag sa sahig, at ang mga tao’y magsisilakad na. Kita n’yo? Maliban nga na lumapit kayo na may tamang uri ng paglapit, wala kayong matatanggap na anupaman. Siyanga, ang mangyayari’y lalapit

lang kayo rito't papatungan kayo ng kamay, at lalabas na kayo. Yun, 'yun nga'y walang ikabubuti. Dapat tiyak n'yo sa sarili n'yo kung ano itong ipinarito n'yo. . . "Ang lumalapit sa Diyos ay dapat na sumampalataya."

114 Masdan, alalahanin n'yo, ni minsa'y di pa siya nakakakita ng kahit anong himala. Isa siyang Griyego. Alam niya. . . Isa siyang Gentil. Ni minsan ay di pa siya nakakita ng kahit isang himala, pero sa kabila nun ay may pananampalataya siyang may ganun talagang dakilang bagay. At taon bawat taon, at araw bawat araw, nakakakita tayo ng mga himala, at di man lang makapanatili ng isang oras o dalawa.

115 Siya nga'y katulad nung si Rahab na patutot. Si Rahab ay di na nagnais na. . . Yung babaing Gentil, hindi na siya nagnais na makita kung papaano manamit si Josue, o makita si Josue mismo. Ang sabi niya, "Narinig ko't ako'y nananampalataya." Ganun lang. Narinig niya at nanampalataya siya.

116 Sinabi ni Jesus, "Dahil sa sabing ito!" Naging tama ang kanyang paglapit sa kaloob ng Diyos. Tandaan n'yo, siya ang kauna-unahang Gentil na ginawan ng isang himala, dahil sa kanyang pananampalataya. Tinatanggap ng pananampalataya na ang Salita'y tama, nagpapakumbaba ito, gaya ng ginagawa nito sa panahon ngayon.

117 Si Marta sa Presensya ng Diyos. Si Marta, kapatid na babae ni Lazaro, siya nga'y nagpakumbaba sa Presensya ni Jesus. At siya nga'y naging masigasig nung dumulog siya dun. Sabi Niya. . . Sabi niya, "Panginoon, kung narito Ka sana, disin sana'y hindi namatay ang aking kapatid; ngunit gayumpaman, anumang hingin Mo sa Diyos, ay ipagkakaloob sa Iyo ito ng Diyos."

118 Sabi Niya, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at Buhay; ang sumampalataya sa Akin, bagamat siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya; ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi na mamamatay kailanman. Sinasampalatayanan mo baga ito?"

119 Tandaan n'yo, may karapatan nga siya na pagsalitaan Siya. Nagsugo siya para sunduin sana Siya, nang dalawang beses, nung ang kapatid niyang lalaki'y may sakit pa; hinayaan lang na mamatay. Pero, nakita n'yo nga, may pananampalataya siya. Alam niya.

120 At kung 'yung babaing Sunamita, sa kapanahunan niya, nung mamatay ang kanyang anak, heto't nanampalataya siyang ang Diyos ay nandun sa propetang 'yun, kay Elias, at siya'y nanghawakan nang mainam kay Elias. Sabi niya, "Habang ang Panginoong Diyos ay nabubuhay, at buhay ang iyong kaluluwa at di patay, hindi kita iiwan." Siya'y masigasig. At di nga malaman ni Elias kung anong gagawin niya. Pumasok lang siya dun sa silid, nagparoo't parito sa paglakad, hanggang sa

ang Espiritu ng Diyos, ang Presensya ng Diyos, ay dumating. Dumapa siya dun sa ibabaw nung paslit, pitong beses itong bumahing at nanumbalik ang buhay. Dahil, may isang tao na sadyang nagpakasigasig, may isang tao na nanghawakan nang mainam sa pananampalataya, upang dumulog sa tao ng Diyos.

<sup>121</sup> At alam nga niya, na kung ang Diyos ay nandun noon kay Elias, gaano pa kayang lalong higit na Siya'y naroon mismo sa Kanyang Sariling Anak. Alam niya. Ang pananampalataya'y nanggagaling sa pakikinig. At sa Presensya roon ni Jesus, siya'y naging masigasig.

<sup>122</sup> Si Jesus nga'y, mistulang, pinababalik na siya, at ang sabi, "Babangon siya," at lahat ng 'yun, at iba pa. Pero siya'y naging masigasig. Namayani siya sa bawat kritikong nagsasabing, "Ngayon nasaan na 'yung sinasabi-sabi mong programa n'yo ng Makalangit na pagpapagaling? Nasaan na ngayon 'yun? Patay na ang kapatid mong lalaki't nakalibing na dun ngayon. At ang Pastor ay mistulang pumuslit ng bayan hanggang sa mamatay ang kapatid mo, at tapos ngayon lang babalik." Pero hindi nga 'yun naging hadlang sa daraanan niya. Namayani siya sa bawat kritiko hanggang sa makarating siya sa Kanya. Nakamit niya ang hinihiling niya.

<sup>123</sup> Ngayon heto nga di pa katagalan, naalala ko lang, dun sa tabernakulo. . . May nakikita kasi akong ilang mga kapatirang nakaupo rito na mula sa tabernakulo, ngayong gabi. May isang ginang. . . Dumating ako sa simbahan. At may idinadaos kami dun, halos bawat gabi, na gaya ng idinadaos natin ngayon dito sa pagtitipon natin. At minsan nung kami'y. . . Di ako—di ako mananalangin sa mga maysakit nung gabing 'yun. At may isang ginang nga dun na nanggaling pa ng California, may tumor siya, 'yung tumor na 'yun mismo'y limampung libra ang bigat. At mangyaring pinaupo nila siya sa likuran. At sinabihan siya na di kami mananalangin para sa mga maysakit nung gabing 'yun; magsasalita lang ako nung gabing 'yun, dahil kagagaling ko lang noon sa isang pagtitipon.

<sup>124</sup> At nung palabas na ako sa pintuan sa likod, inalalayan siya ng dalawa sa mga diyakono sa bahay, habang sakay-sakay sa isang silyang de gulong, at pinaupo siya dun sa tabi ng pinto, at doon mismo sa lapag. At nung palabas na ako, hinawakan niya ako sa binti ko sa pantalon nung palabas na ako. Sabi niya, "Kapatid na Branham, isang bagay lang ang hinihiling ko sa iyo, patungan mo lang ako ng kamay." Sabi niya, "Mawawala na itong tumor ko." At siya nga'y halos parang *ganito*.

<sup>125</sup> Halos anim na linggo matapos 'yun, dumalo siya sa isang pagtitipon, at nagsama siya ng mga kapatirang babae sa silid para siyasatin nila siya. Nang di man lang dumaraan sa kahit anong operasyon, ni katiting na tumor ay wala silang nakita. Kahit na hindi nun gabi para manalangin sa mga maysakit, siya'y naging masigasig. Natamo niya ang kahilingan niya.

Natagpuan ng pananampalataya ang dako nitong paglalagyan, at kumapit dun nang mainam.

<sup>126</sup> Si Micaya. Magtatapos na ako sa ilang sandali. Si Micaya, sa harapan ng apatnaraang bihasa't sinanay na mga saserdote, mga propetang Hebreo na nasa kanila na ang lahat. Sabi nun, "Pumaroon ka, Micaya, oo't pinatalsik ka sa pang-ministrong samahan na 'yun sa dakong 'yun noon; pero kung magsasalita ka lamang ng gaya ng ginagawa nila ngayon, at sasabihin mo kay Ahab na umahon siya sa labanan, kasama . . . si Ahab at si Josaphat na umahon sila sa labanan; at naisip nga namin, na sa ganun ibabalik ka nila sa samahan."

<sup>127</sup> Sabi niya, "Hangga't buhay ang Panginoon, sasabihin ko lamang ang sasabihin Niya sa akin na sabihin." Diyos, kami'y pagkalooban Mo ng mas marami pang Micaya! Kita n'yo?

<sup>128</sup> Kaya, naghintay siya. Nung gabing 'yun dumating ang pangitain. Siniyasat niya ang pangitain niyang 'yun sa Salita. Hayan nga't, ang sabi ng Salita ng Diyos, si Ahab, hihimuran ng mga aso ang dugo niya, gaya ng ginawa nila kay Naboth. Kaya heto na't nakita natin na ang pangitain niya'y saktong-sakto dun sa Salita.

<sup>129</sup> Siya nga'y naging masigasig nung lumakad siya dun nung sumunod na araw. Sabi, "Umahon kayo, ngunit nakita ko ang Israel na nangangalat sa mga bundok na gaya ng mga tupa, na walang pastol."

<sup>130</sup> At 'yung punong saserdote dun, o mataas sa mga propeta, lumapit, sinampal siya sa bibig, at ang sabi, "Saan nagtungo ang Espiritu ng Diyos noong lumabas Ito mula sa akin?" Sa kabila nun hindi inintindi ni Micaya ang sinabi nila. Tumindig siya dun. Sabi nun, "Ipiit n'yo ang taong ito sa looban," sabi ni Ahab, "at ipiit n'yo siya dun sa loob na looban, at pakainin siya ng tinapay at tubig ng kapighatian. Ako nang bahala sa kanya sa aking . . . sa pagbalik ko," sa madaling sabi, pugutan siya ng ulo, o parang ganun.

<sup>131</sup> Sabi niya, "Kung makabalik ka nga, hindi nangusap ang Panginoon sa akin." Oh, alam na alam niya kung saan siya nakatindig. Walang kabuluhan anuman ang isip-isipin ng iba sa kanila; nakakatiyak siya na napasa Presensya siya ng Diyos. Narinig niya ang tinig ng Diyos. Saktong-sakto 'yun sa Salita ng Diyos.

<sup>132</sup> Dapat nga tayong maging ganun din, sa gabing ito, yamang nakikita na natin ang oras na ito na kinabubuhayan natin, at nakikita ang pangako sa araw na ito, na ito nga'y ipinangako talaga ng Salita ng Diyos. Anuman ang sabi-sabihin ng iba; Salita na mismo ang nagsabi nito, at paparito si Jesus upang ipakilala ang Kanyang Sarili. Pagkamasigasig!

<sup>133</sup> Yung lalaking bulag na pinatago ni Jesus . . . o pinagaling; di niya kayang, di niya kayang ipaliwanag o pangatuwiranang ang

kanilang teolohiya. Pero isang bagay ang nalalaman niya, siya'y may kasigasigan.

<sup>134</sup> Yung tatay at nanay niya'y di sila makaimik. Sabi nila, "Buweno, natatakot kami na baka palayasin nila kami dun sa sinagoga." At kaya ang sabi nila, "Tanungin n'yo siya, siya'y nasa tamang gulang na."

Sabi niya, "Sinong nagpagaling sa iyo?"

Sabi niya, "Isang, nagngangalang Jesus na taga-Nazaret."

<sup>135</sup> Sabi niya, "Sa Diyos mo ibigay ang luwalhati!" Sabi, "Nalalaman namin na ang Lalaking ito'y isang makasalanan."

<sup>136</sup> Sabi niya, "Ngayon, kung Siya nga'y makasalanan, o hindi, ay bagay 'yan na di ko nalalaman. Di ko masasabi. Pero," sabi, "isang bagay nga ang nalalaman ko, na ako'y minsang isang bulag, ngayo'y nakakakita na."

Sabi nila, "Hindi namin nalalaman kung saan nagmula ang Lalaking ito."

<sup>137</sup> Sabi niya, "Kakatang bagay naman 'yan. Itinuturing kayo na mga tagapanguna sa panahong ito, na nalalaman n'yo dapat ang lahat ng mga espirituwal na bagay; at narito ang isang Lalaki na dumating at pinadilat ang aking mga mata, gayong ipinanganak akong bulag, at gayon ma'y hindi n'yo nalalaman kung saan Siya nagmula?" Oh, siya'y masigasig, walang bagay na makakatinag sa kanya. Nakausap niya kasi ang Diyos.

<sup>138</sup> Si Natanael nga'y di nag-atubili, na tawagin Siyang, "Panginoon, Hari ng Israel," sa harap mismo ng pastor niya't lahat ng naroon, noong isaysay Niya sa kanya kung nasaan nga siya noong—noong isang araw bago ang araw na 'yun. Hindi noon nag-atubili si Nathan.

<sup>139</sup> Yung babae sa balon hindi niya alintana marami mang tao ang magsabi sa kanya na hindi naaayon sa batas na siya'y magsalita tungkol sa anumang bagay dahil isa siyang patutot. Nakatagpo niya ang isang Taong noon pa ma'y hanap-hanap na niya, mula nung siya'y—siya'y batang paslit pa lamang, haya't nalalaman nga niya na si Jesus ay lilitaw sa eksena, na isang Propeta. At natagpuan niya ang Propeta na Iyon na siya mismo ang naging saksi na isinaysay sa kanya ang mga bagay-bagay na kanyang nagawa. Pigilan siya? Gaya ng sasabihin ko uli, para nga itong bahay na nagliliyab sa maalinsangang hangin. Di mo 'yun maaapula. Ang puso niya'y nag-aalab sa kagalakan at kapayapaan. Pinatawad ang kanyang mga kasalanan. Nakita niya mismo ang Mesiyas. Nakita niya ang Kanyang Presensya. Nakita niya ang Kanyang Salita.

<sup>140</sup> "Nalalaman namin na sa pagparito ng Mesiyas, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito. Subalit sino po Kayo? Ikaw marahil ay propeta Niya."

Ang sabi niya, "Ako nga Siya."

141 At kung ang isang Tao'y nakakagawa ng bagay na gaya nun, nang walang pagsisinungaling, haya't nalalaman nga nung babae na 'yun na talaga ang Mesiyas, kaya nararapat lamang na ang mabuting balita ay maipamalita.

142 Ang dapat nga sana'y nandun na tayo sa ganoon ding alab ngayong gabi, pursigido na ipamalita sa lahat na ang Epsiritu Santo'y tunay na tunay sa panahon ngayon, na Ito'y bumuhos na sa atin at ginagawa ang siya ring mga bagay na Kanyang ginawa noon, at maging ang mga pangako sa oras na ito. Hindi nga tayo ganoong kapursigido. Iniisip ko totoo kayang tumimo na sa atin ito? Kita n'yo, pansinin n'yo 'yung babae sa balon.

143 Isa na lamang, magtatapos na ako. May kalahating pahina pa ako rito ng mga tala, pero gusto kong sabihin lamang ito sa pagtatapos ko. May naalala akong isang kuwento. Pagkatapos ay mananalangin na tayo sa mga maysakit. Medyo matatagalan pa ito nang kaunti, marahil sampu, labinlimang minuto, pero pagtiisan n'yo lamang po ako nang kaunti.

144 Nasa Mexico City ako mga tatlong taon na ang nakararaan. Ilan po rito ang nakakakilala kay Kapatid na Espinoza, sa mga Espanyol po rito? Buweno, sa palagay ko'y marami nga sa inyo. Interpreter ko siya. Nandun nga kami noon sa Mexico City. Ako lang yata, sa pagkakaalam nila, ang nag-iisang Protestante na naparoon sa dakong 'yun, na tinaguyod ng gobyerno. Heto nga't si Heneral Valdivia, naaalala n'yo siya, isa siya sa mga Christian Business Men, na nakatanggap, naligtas at napuspos ng Espiritu Santo, at nakapasok nga siya sa gobyerno at kaya napaunlakan ako.

145 At mangyaring nag-arkila kami ng ibang malaking arena dun. Nasa mga ilang libo rin ang mapagkakasya dun; wala nga lang upuan, kailangang tumayo ng mga tao. At kayo'y—kayo'y nag-aalangan na tumayo rito nang dalawa o tatlong oras sa silid na ito, 'yung mga tao dun ay nakatayo sa init ng nagliliyab na araw sa disyerto, sa dakong 'yun mula alas nuwebe ng umaga, hanggang alas nuwebe ng gabi, araw-araw. At, may isang gabi, bumubuhos nang husto ang ulan, nakatayo ang mga tao dun; at 'yung mga kabataang babaing Mehikana, ang mga buhok nga nila'y basang-basa't nakalaylay sa kanilang mukha, at napakalakas ng ulan na di ko na halos makita 'yung kalahati ng mga tao roon. Di nga nila alintana 'yun; pinanghahawakan nilang mainam ang Salita ng Buhay.

146 Naalala ko 'yung isang gabi dun, kakapasok ko pa lang. Tatlong gabi lang ako dun. Yung entablado'y halos kasing laki nito, o marahil mas mahaba pa nang kaunti. May matandang lalaking bulag na lumapit dun sa entablado, at inalalayan nila siya para makasampa.

147 Yung lalaking naroo't katulungan ko, ang tawag ko nga sa kanya'y *Mañana*, ang ibig sabihin nga nun ay "kinabukasan."

Napakabagal niyang kumilos! Halos di nga siya makatiyempo sa oras, at, buweno, palinga-linga siya sa paligid, at di siya makatiyempo sa oras. At nananalangin na ako, at siya'y. . . At kaya ang tawag ko sa kanya'y "Mañana."

<sup>148</sup> Heto na nga't pinasampa na nila ako dun sa likod ng isang malapad na pader, sa isang hagdan, at pinasampa ako dun sa entablado. Si Kapatid na Jack Moore, ilan sa inyo ang nakaka kilala sa kanya? Siyanga, sa palagay ko'y kilala n'yo nga; at si Kapatid na John Sharrit at marami pa sa kanila na narito. Nandun sila noon sa entablado. Nung gabing 'yun, heto na't papalapit na sa entablado. . .

<sup>149</sup> Si Mañana ang namahagi nung mga tiket, nung—nung mga prayer card, pero kasa-kasama niya si Billy sa paglalakad para makasigurado na walang magiging aberya. Mahalaga kasing nagkakaintindihan sila nung mga tao at naipapamahagi niya sa kanila 'yung mga prayer card, pero nandun nga si Billy para tiyakin kung tama nga o hindi, baka kasi ibenta niya ang mga 'yun, o ano bang gawin niya dun, o paboran niya ang ilang tao; dapat ngang mabigyan ang lahat ng nagnanais na magkaroon ng prayer card.

<sup>150</sup> Kaya mangyaring nung gabing 'yun nung tawagin na 'yung mga prayer card, may matandang lalaki dun na papalapit sa entablado, nang nakayapak lang, at 'yung binti ng pantalon niya'y gula-gulanit, may hawak-hawak na lumang sumbrero sa kanyang kamay, balot ng kurdon. At nung makalapit na siya sa akin, siya nga'y bulag, at tiningnan ko 'yung matandang lalaki. At nandun nga ako't nakatayo, kasing ayos ng damit ko ngayon ang damit ko noon, may nagbigay nga sa akin noon ng maayos at bagong terno, may suot akong maayos na sapatos. At 'yung kaawa-awang matandang lalaking 'yun dun, gula-gulanit ang kamiseta, at punung-puno siya ng alikabok. Hayun nga siya, ganap na bulag, ang mga mata niya'y kung anong ipinuti ng kamiseta ko'y ganung kaputi ang katarata niya. Tapos, tapos naisip ko, "Ano ba itong kalunos-lunos na bagay na ginawa ni Satanas!" Yung kaawa-awa't matandang lalaking 'yun ay marahil di pa nakakatikim ng disenteng hapunan, sa buong buhay niya.

<sup>151</sup> Ang ekonomiya nga dun ay masyadong hindi balanse. At sila'y, sige't isipin n'yo po ito, sabihin na lang natin, si Pedro, si Peter, siya—siya'y isang—siya'y isang mason, tumatanggap siya ng tatlungumpung piso kada araw, pero kinakailangan nga nilang magtrabaho ng apat na araw para maibili niya ang sarili ng isang pares ng sapatos. Kita n'yo? At heto't papaano naman si munting Pancho, o Chico, 'yung mga mas bata'y nagtrabaho sila sa dakong 'yun at kakarampot na apat na piso lang ang natatanggap kada araw, tapos apat o limang supling ang dapat pakainin? Ang gagawin nga nung tatay ay magpupunta dun at didilighensiya ng kaunting ameba bean tortilla, at sa gabing ito



si Martina'y mabibigyan at—at si munting Chico ay mabibigyan din, pero isa nga sa magkakapatid ang mabibigyan. . . ang di mabibigyan. Kinakailangan nga nilang magtipid nang husto, nang sa gayon makabili sila ng kandilang gawa sa grasa para masindihan 'yun sa gintong altar, para sa mga kasalanan nila. Yun nga ang nagpapayamot sa akin. Kaya hayan na nga.

<sup>152</sup> Ngayon, heto na't nakatayo na dun 'yung matandang lalaki, at may binubulong-bulong siya sa Espanyol. At may maliliit siyang rosaryo na nakapulupot sa mga daliri niya, at sabi ko sa kanya, “Tanggalin n'yo po 'yan,” sa pamamagitan ni Kapatid na Espinoza.

<sup>153</sup> At naisip ko, sa isip-isip ko, “Itutuwid ko ang balikat ko. Marahil puwede kong hubarin ang amerikana ko, at ipaubaya sa kanya. At kaso 'yung balikat niya'y mas malapad kaysa sa akin.” Iniusli ko 'yung paa ko sa tabi ng paa niya, sa isip-isip ko, “Baka puwede kong hubarin ang sapatos ko't, wala namang makakakita, at ibibigay ko sa kanya ang sapatos ko,” pero mas malaki nga ang mga paa niya. At naisip ko, “Buweno, ano kayang puwede kong gawin?” Sa isip-isip ko, “Oh Diyos!”

<sup>154</sup> Kung wala nga kayong nararamdamang malasakit sa mga tao walang punto na paglingkuran n'yo sila. Kinakailangan n'yong makaramdam ng malasakit. Yan nga ang dahilan kung bakit nararamdaman Niya ang ating mga kahinaan.

<sup>155</sup> Inilagay ko na lamang ang bisig ko sa likod niya, nang *paganito*, tapos sabi ko, “Makalangit na Ama, kung ang tatay ko lamang ay buhay hanggang ngayon, ganito na siya sigurong katanda. Ang taong ito'y tatay ng kung sinuman.” At nakatayo nga ako nang paganito, at narinig ko na lang siyang humiyaw, “Gloria a Dios!” Yun nga'y “Luwalhatiin ang Diyos,” alam n'yo. Tumingin-tingin sa paligid, at 'yung matandang lalaki'y nakakakita na nang kasing inam sa nakikita ko, nagpalakad-lakad siya nang paroo't parito sa entablado, di sukat mapigil ang kaligayahan. Buweno, haya't, ang nangyari, pinakilos nila 'yung mga usher, nasa tatlo o apatnaraan ang tumayo roon, para pahupain ang mga tao. Pagkatapos kinailangan nilang gumamit ng lubid para makaalis ako dun.

<sup>156</sup> Nung sumunod na gabi, bumalik ako dun, may tumpok sila dun na halos *ganitong* kataas, isang bunton, nakalatag mula rito hanggang dun, mga lumang balabal at mga sumbrero't iba pang bagay, inilapag ng mga tao dun para maipanalangin. Kung paano nila malalaman kung kaninong gamit ang naroon, di ko po alam, nakabunton ang lahat ng 'yun dun, nakalatag lang. At umuulan noon. Nahuli ako ng dating. At sumampa na ako roon, at nagsimulang mangaral, “Ang pananampalataya ay ang kapanatagan ng mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita,” at naroon noon si Kapatid na Espinoza para isalin 'yun sa lingguwahe nila.

157 Tapos lumapit si Billy at tinapik ako sa balikat, ang sabi, “Daddy, kailangan mong resolbahin ito.” Sabi, “Naipamahagi na ni Mañana ang lahat ng mga prayer card.” Tapos sabi, “May munting babaing nakatayo roon, munting binibini,” sabi, “may dala-dala siyang patay na sanggol, at namatay ang bata nitong umaga.”

158 Nakita n’yo na marahil ’yung artikulo tungkol dito sa Full Gospel Business Men. At, alalahanin n’yo, kinakailangan ngang mapatunayang totoo ’yun bago ’yun malimbag. Kinakailangang mapirmahan ng doktor ang dokumento, na totoo talaga ’yun, kapag ilalagay n’yo ’yun sa limbag.

159 At sabi, “Nandun ’yung babae, may dala-dalang patay na sanggol,” sabi niya, “Namatay ’yung bata nitong umaga.” (At mag-aalas nuwebe y media na, noon.) Sabi . . . (At mga ganitong oras din ngayong gabi.) At sabi, “Namatay ’yung bata nitong umaga.” (Yung babae nga’y nakatayo dun sa ulan buong araw, at di nga niya alam na si Espinoza, o, ang ibig kong sabihin, si Mañana ay nagpapamahagi pala ng mga prayer card.) Tapos sabi, “Wala na siyang maipamimigay na prayer card.” Sabi niya, “May apatnapu o limampung usher na ako, pero di nila siya mailayo dun sa entablado.” Sabi, “Sadyang nilulusutan sila nung babae, ginagambala sila, sumasampa sa likod nila, o parang ganun, habang, sinusubukan niyang makaakyat dito.”

160 Tapos sabi ko, “Buweno, sige ganito na lang.” Sabi ko, “Halika rito, Kapatid na Moore.” Kilala n’yo po, lahat kayo, marami sa inyo ang nagtaas ng kamay, kilala n’yo si Kapatid na Jack Moore. Sabi ko, “Kapatid na Moore, di naman ako kilala nung babae. Di na niya malalaman. Maraming ministro ang nakatayo rito, nangangaral, maraming mga Baptist at lahat na, na nagtaguyod ng pagtitipong ito.” At sabi ko, “Ngayon, ikaw, ikaw na lang ang magpunta dun at ipanalangin mo ’yung sanggol, at di na malalaman nung babae ang pagkakaiba, kita mo.”

Sabi niya, “Sige, Kapatid na Branham.”

161 Nagpunta na siya roon sa gilid ng entablado, halos malapit na dun sa pader, at tumalikod na ako. Di na malalaman ng mga tao, dahil di naman sila nakakaintindi ng Ingles. Tapos sabi ko, “Ngayon gaya ng sinasabi ko, ang pananampalataya ay siyang kapana- . . .” At nung pagtingin ko sa harapan ko, haya’t may nakita akong munting, Mehikanong, sanggol na maitim ang mukha’t walang ngipin, na sadyang naroo’t nakangiti sa akin, dun mismo sa harapan ko.

162 Sabi ko, “Sandali lang, Kapatid na Moore.” Sabi ko, “Sabihin mo sa munting babae na pumarito.”

Tapos sabi ni Billy, “Daddy, pero wala siyang prayer card.”

Sabi ko, “May nakita akong pangitain ngayon-ngayon lang, Billy.”

163 At kaya pumunta na sila roon para sunduin 'yung munting babae. Heto na siya't paparating, tumatakbo, at napaluhod, nagsimulang sumigaw "padre," na ang ibig sabihin ay "ama," alam n'yo; sinabi ko na tumayo siya, kay Kapatid na Espinoza. Hinawakan ko 'yung sanggol; at tinalukbungan nga niya 'yung bata ng asul at puting guhit-guhit na kumot, basang-basa, at 'yung tubig ay tumutulo dun, at 'yung buhok nung nanay ay basang-basa't nakalaylay nang paganoon. Magandang munting babae, marahil pinaka unang sanggol niya 'yun, siya'y marahil nasa... beinte dos o beinte singko anyos, hawak-hawak 'yung munting sanggol na 'yun nang paganito; munti't, *ganito* lang kahaba't naninigas na, sa ilalim nung kumot. Iniisip ko.

164 Iniisip nila marahil na ipapanalangin ko lang 'yun, para matigil na, alam n'yo, para di na nila siya ipagtulakan pa.

165 At ipinatong ko na 'yung mga kamay ko dun sa munting sanggol, at sabi ko, "Makalangit na Ama, di ko po alam kung—kung ito na ba 'yung sanggol na 'yun; subalit may nakita akong pangitain dun, kani-kanina lang, ng isang munting Mehikano, mistulang munting, sanggol na maitim ang mukha't nakangiti." At sabi ko... Di nga nila isinasalin 'yung pananalangin sa lingguwahe nila, alam n'yo. At sabi ko, "Nakita kong nakangiti ang bata." Ipinatong ko ang mga kamay ko sa batang 'yun, nang *paganito*, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para ipanalangin, at 'yung munting sanggol ay sumipa't nagsimulang umiyak nang todo... At kaya hayun nga't nagsimula na itong umuha.

166 Tapos sabi ko, "Kapatid na Espinoza, huwag mo munang paalisin. Magpadala ka ng tao, para samahan 'yung sanggol at 'yung babae, at dalhin 'yung bata sa doktor." At nung gabing 'yun, tinawagan nila 'yung doktor, pumirma 'yung doktor ng dokumento na nagsasabing namatay 'yung sanggol dahil sa pneumonia, nung umaga sa ospital niya, o opisina niya, nang alas nuwebe; at heto na nga 'yung sanggol nang mag-aalas diyos ng gabi, patay simula pa nung umaga, at nabuhay muli; at buhay hanggang ngayon sa kaluwalhatian ng Diyos.

167 Dahil bakit? Siya'y sadyang naging pursigido gaya nung munting babaing Sirofenisa rito, na tinatalakay natin ngayong gabi. Ipinapakita lang n'yan na ang Diyos ay nananatiling siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang nangyari nga dun, (ano po?) narinig niya 'yung tungkol sa matandang bulag na lalaki.

168 Isa siyang Katoliko, sa pananampalataya. Lahat sila dun ay Katoliko, dahil kapag ipinanganak ka sa Mexico awtomatikong Katoliko ka.

169 Haya't ang nangyari nga'y 'yung mga tao dun nakita nila 'yung matandang bulag na lalaki sa lansangan, ikinukuwento ang kanyang patotoo. Yung babae, lahat sila'y nakapamalita dun. Yung babae ngang ito'y di pa siya nakakakita ng himala

sa buong buhay niya. Pero nababatid nga niya na kung nagawa ng Diyos na bigyan ang bulag na lalaking ito ng paningin niya, magagawa Niyang buhayin ang kanyang sanggol at mabuhay, dahil 'yun pa rin ang siya ring Jesus Cristo. Sa ganyan nga'y magagawa niyang manliit ang mga Pentecostal. At tama 'yun, sa pananampalatayang katulad nun, dahil siya'y pursigido na Diyos talaga 'yun na nagpanumbalik ng paningin. "At kung kayang tuparin ng Diyos ang Kanyang Salita't magpanumbalik ng paningin, magagawa nga Niyang magbangon ng patay." At Kanyang ginawa 'yun dahil ang babae'y pursigido. May isang gabi pa akong nalalabi dun, at puwede naman niyang. . . Pero 'yun 'yung gabi para sa kanya.

<sup>170</sup> Maaari na ba, ngayong gabi, mga kaibigan, maaari na bang maging masigasig na tayo ngayon. Kaya ba nating tagusin ang mahiwaga't madilim na silungan dito at tanggapin si Jesus Cristo bilang ating—ating Tagapagpagaling? Magagawa n'yo po ba?

Manalangin tayo.

<sup>171</sup> Panginoong Jesus, Oh Diyos, hindi ko—hindi ko po alam kung ano pang puwede kong sabihin. Dalangin ko, Diyos, kung maaari lang po akong tumawag sa pagdulog sa pila para sa pananalangin, Ama? At marahil Ikaw nga'y makapag papakita sa mga tao, nang katulad ng ginawa Mo noon bago ang Iyong—Iyong kamatayan at pagkalibing; dahil sa araw na ito at oras, marahil may mga baguhan sa dakong ito, at nang sa gayon ay makita namin na Ikaw nga'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, tinutupad ang Iyong Salita. At marahil may isa po rito na nagtataglay ng sapat na pananampalataya para makatagos sa hadlang na 'yun sa dakong ibayo, sa hadlang sa pagsusumamo, sa hadlang dahil sa di pagsampalataya sa ibayo, makatagos dun, hanggang makaabot sa dako na ang lahat ng bagay ay maipangyayari. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nasabi sa amin noon na kapag ang isang eroplano'y makaalpas sa hangganan ng tunog sa alapaap, magkakaroon ito ng walang hangganang bilis at puwersa. Diyos, kung magagawa lamang namin na makatagos sa puwersang 'yun ng di pagsampalataya, ang mga himala't mga bagay-bagay, at mga pangako ng Diyos, ay magiging walang hangganan, "sapagkat ang lahat ay may pangyayari sa kanya na sumasampalataya." Iyong ipagkaloob nawa ito, Ama. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ng Iyong Anak, na si Jesus Cristo. Amen.

<sup>172</sup> Kung matagalan po ako nang kaunti, ayos lang po ba na dumako at magkaroon lang tayo ng, magtawag ng kaunting pila para sa pananalangin? Alam kong di na mapakali ang mga tao, pero magtatawag lamang tayo ng kaunting pila para sa pananalangin. Sige't tingnan natin, Lunes ng gabi natawag na natin 'yung A, tama po ba, nung magbigay kami ng mga prayer card? O, hindi po pala, Miyerkules ng gabi ang ibig ko palang sabihin. Iniisip ko kasi Lu-. . . Miyerkules po pala ng gabi ang

unang gabi, natapos na ang A, at kagabi naman 'yung B, at ngayong gabi ay C naman. Tinawag na natin 'yung bilang isa hanggang dalawampu't lima, ng A. Sa palagay ko'y ganun nga, di po ba, bilang isa hanggang dalawampu't lima, ng A? Tama po ba, bilang isa hanggang dalawampu't lima, ng A? Bilang isa hanggang labinlima, ng A.

173 Buweno, tawagin na natin ang B, 'yung mga prayer card kahapon, hayan nga. Tawagin na natin ang B, bilang pitumpu't lima hanggang sandaan. Prayer card B. Dadako tayo susunod sa C at lahat ng iba pa. Dito muna sa B, bilang dalawampu't lima. . . Di po pala. B, bilang pitumpu't lima, sa palagay ko'y 'yun ang nasabi ko, di po ba? B, pitumpu't lima hanggang sandaan. Sige po. Patayuin n'yo na sila rito sa bandang *ito* rito ngayon. B, pitumpu't lima hanggang sandaan, tumayo na po kayo rito sa gilid na ito rito. Dumako lang kayo sa gilid dito at luminya rito, bumaba lang po ang ilang kapatirang lalaki dun. Billy, Roy, bumaba kayo roon para makita n'yo kung nakaka pila maigi 'yung mga tao sa pila para sa pananalangin. Sige.

174 Hinihingi ko ang buong pansin n'yo sa mga sandaling ito. Ngayon maging mapitagan na po tayo. Ngayon tingnan n'yo, may mga tao ngang dumadalo lang at sasabihin nila, "Di bagay 'yung kurbatang suot-suot nung mangangaral. Di bagay 'yung ternong suot niya. Di dapat ganun ang pakikitungo niya. Di masyadong diretso ang tindig niya." Buweno, kita n'yo, kung ganyan kayo ay wala pa kayong pananampalataya sa inyo. Kita n'yo?

175 Kung may isang lalaki riyan sa pinto sa likod at magsasabi sa inyo na mayroon silang. . . na sila'y, siya'y may preparadong tseke o kasulatan galing sa bangko para sa inyo, sa halagang isang milyong dolyar, di n'yo nga papansinin maski edukado ba 'yung lalaking ito o hindi, di n'yo papansinin kung nakasuot man siya ng overall o tuxedo man ang suot niya, hindi n'yo papansinin siya ma'y itim, dilaw, kayumanggi, puti.

176 Hindi 'yung mensahero; 'yung Mensahe ang hinahangad n'yo ngang mapakinggan. "Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ilan dito ang nakakabatid n'yan? Ngayon kung kayo lamang ay—ay. . .

177 Kung maaari po sana sa—sa nangangasiwa ng ilaw diyan, sa palagay ko, G. Ruby, o sa palagay ko 'yun nga ang pangalan niya, nakilala ko siya nung isang gabi, kung kanya lang. . . Siya ang nangangasiwa ng mga ilaw natin dito, at iba pa, sa dako rito, kung maaari lang na makapagtiis pa siya kahit kaunting sandali na lamang para sa kapakanan ng Ebanghleyo.

178 Ngayon ang lahat po'y maging tunay na mapitagan, haya't maging tunay na masigasig. Sumulong lamang kayo sa kabila ng tabing.

179 Ngayon sa tuwing nagpapagaling ng mga maysakit si Jesus Cristo. Ngayon, hindi ko sinasabing magsisigaling sila; di ko kasi masasabi 'yan. Tandaan n'yo, wala akong kapangyarihan na magpagaling. Wala po akong kapangyarihan, wala kayong kapangyarihan, wala sa atin dito ang may kapangyarihan. Ang mayroon tayo ay kapamahalaan. Ilan po rito ang nakakaunawa na riyan?

180 Tumingin kayo rito, hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. Dito sa lansangan sa labas, dito sa highway na paroo't parito ang mga sasakyan na nakadugtong dun sa super highway, dito mismo sa—sa pangunahing daang-bayan, nakita ko dun na ang speed limit ay otsenta milya kada oras. May mga kotse ngang bumabagtas dun, nasa dalawangdaang horsepower, hanggang—hanggang—hanggang tatlo o apatnaraang horsepower.

181 At bilang pitumpu't anim, sige't pumarito na. Hinahanap nila ang bilang pitumpu't anim. B, bilang pitumpu't anim, baka bingi po. Tingnan n'yo sa paligid. Oh, paumanhin po. Sige. B, pitum- . . . Tama ba 'yun, kapatid? B, pitumpu't anim. Sige.

182 Ngayon pansinin n'yo, sabihin na lang natin, na heto't may isang munting pulis na sasabak dun sa highway, napaka liit nga niya na 'yung sumbrero niya'y bumababa sa tainga niya, at baka di pa nga siya aabot ng sandaang libra ang timbang. Ngayon gaanong karaming lakas ang kakailanganin niya para pigilan ang mga sasakyan dun? At ang ilan sa mga kotseng 'yun ay tatlo-tatlo o apat-apat ang pagkakahilera, sadyang dagsa ang pagpasok nila sa highway, nasa tatlong daang horsepower ang lakas ng bawat isa. Ni hindi nga niya kayang pigilan ang isang horsepower. At heto na 'yung mga sasakyang 'yun. Pero kung papaaninagin lang niya 'yung malaking tsapang 'yun, at itataas 'yung kamay na 'yun! Haya't marahil wala nga siyang kapangyarihan, pero taglay naman niya ang kapamahalaan. Maririnig n'yo ang langitngitan ng mga preno't, pagsagadsad nila sa tagiliran, at magsisihinto ang lahat. Bakit? Dahil siya'y nagtataglay ng kapamahalaan.

183 Wala nga akong anumang kapangyarihan. Wala kayong anumang kapangyarihan. Pero taglay natin ang kapamahalaan, amen, ang tsapa ng pananampalataya na nakasabit sa Salita, "Sinampalatayanan ko Ito. Ito ang Katotohanan." Yun ang nagpapahinto. Kaya maaari na kayong maging pursigido.

184 Yung munting pulis na 'yun na titindig dun at hihipan ang munting silbato at itataas niya ang kanyang kamay, sinasabi ko nga sa inyo, lahat ay hihinto. Dahil nga sa kapamahalaan niya. Kapamahalaan niya, naniwala siya.

185 Ngayon maniwala kayo, bawat isa sa inyo. Ngayon kayo na nakatayo riyan, ngayon huwag kayong mapanghinaan ng loob, kayo'y umupo lang—umupo lang diyan at sumulong, sabihin, "Panginoon, walang nalalaman ang ginoong ito tungkol sa akin.

Tiyak ko 'yan. Kung makakapangusap siya, para sabihin sa akin, ako'y—ako'y sasampalataya nang buong puso ko." Ngayon ano ang dapat nating malaman ngayon?

<sup>186</sup> Sino ang Tagapagpagaling? Si Jesus Cristo. Tama ba 'yun? Buweno, ngayon, kung narito nga Siya, buweno, ang tanging bagay na dapat nating gawin ay humiling lang sa Kanya. "At Siya ang Dakilang Saserdote na maaaring mahipo't mahabag sa ating mga kahinaan." Tama ba? Sige. Tapos, "Siya ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ngayon Siya ang Dakilang Saserdote. Papaano, papaano Siya kumilos noon nung hipuin ng isang babae ang Kanyang damit dalawang libong taon na ang nakararaan? Bumaling nga Siya't sinabi dun sa babae kung ano ang suliranin sa kanya, at sinabi na ang pananampalataya niya ang nagpagaling sa kanya. Tama po ba? Buweno, Siya'y siya pa rin hanggang ngayon, kaya 'yun at 'yun ang magiging pagkilos, dahil Siya'y siya pa rin.

Ngayon handa na ba ang pila n'yo para sa pananalangin?

<sup>187</sup> Ngayon heto ang isang babaing papaakyat dito. Sa abot ng nalalaman ko, hindi ko—hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Ganap na estranghero siya sa akin, sa abot ng nalalaman ko. Kami'y estranghero sa isa't isa. [Sinabi ng kapatid na babae, "Naroon ako sa pagtitipon mo noong 1947, 1950 hanggang '53."—Pat.] Sinabi niya na naroon siya sa mga pagtitipon ko noong '47 at '53." Pero . . . [" '51 hanggang '53."]'51 hanggang '53. Pero kung kilala nga kita, ay hindi nga. ["Hindi." ] Hindi.

<sup>188</sup> Kita n'yo, haya't ipagpalagay nating kung—kung nakatagpo kita isa o dalawang linggo mula ngayon, marahil ay di pa rin kita makikilala. Marami ang nagpupunta sa mga pagtitipon, libo't makasampung libo na mula noon, kita n'yo, at kaya hindi ko malalaman. Pero ang gusto ko ngang sabihin, kung aking, "kung kilala mo ako," ay kilala mo nga ako dahil nakadalo ka sa pagtitipon. Pero ang makilala kita, o malaman ko kung ano ang suliranin sa iyo, o kung anu-ano ang mga bagay na ginawa mo sa pagitan ng ngayon at noon, o bago ngayon, o anong naka plano mong gawin, ay siyempre, di ko 'yun alam. Hindi nga.

<sup>189</sup> Pero heto nga para hindi tayo tumagal sa bawat tao, na ang gagawin nati'y. . . Nung isang gabi, ako'y—ako'y huminto agad. Hindi ko napansin; iniisip ko—iniisip ko—iniisip ko na wala na. Naiwan ko tuloy ang dalawa o tatlo na nakatayo sa pila. Hindi ko dapat ginawa 'yun. Hindi ko ugaling gawin 'yun. Di ko nga alam kung bakit. Ako'y para bang . . . Buweno, ang lahat nga noon, tila nakaabot na sa sukdulang oras. Di n'yo nga gustong pinamimihasa ang mga tao na parang mga bata. Ang gusto n'yo ay 'yung talagang pursigido silang makarating dito sa itaas at magawa nilang panghawakan ang sinabi mo, kita n'yo, at pagkatapos sila nga'y magsisigaling. Kung hindi ganun ang gagawin mo, aba, sila'y—sila'y di gagaling.

<sup>190</sup> Ngayon ang ginang po rito, ito ang unang beses naming pagkikita. Ngayon kung Siya nga'y "siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman," ngayon kung tatayo Siya rito sa ternong ito na ibinigay Niya sa akin, gumamit ng mabuting tao para ibigay sa akin ang terno na ito, ngayon kung tatayo nga Siya rito suot-suot ang terno na ito, pagagalingin ka ba Niya? Hindi. Hindi. Nagawa na kasi Niya ito, kita mo, "Siya ay nasugatan dahil sa ating pagsalangsang." Hindi ka nga Niya pagagalingin pa. Ilan po ang nakakaalam na 'yan ang Katotohanan? Tapos na gawa na ito.

<sup>191</sup> Sa mga makasalanan dito, hindi ka nga Niya ililigtas pa; nagawa na Niya ito. Ang kinakailangan na lang ay tanggapin mo ito.

<sup>192</sup> Ngayon kung Siya nga'y nakatayo suot-suot ang terno na ito, na Kanyang ibinigay sa akin, ang gagawin nga Niya... Ang tanging bagay na gagawin Niya, ay ang sabihin lang... Kung sasabihin mo, "Ako'y may sakit. Ako'y nangangailangan. O, may mahal ako sa buhay na may sakit," o ano pa, "Ako'y may problema sa pera. Ako'y—ako'y may problema sa tahanan," o anupaman 'yan. Hindi nga Niya, hindi nga Niya ipagkakaloob ito sa iyo. Sasabihin lang Niya sa iyo na Kanya na itong nabayaran. Ngayon ilan po ang nakakaunawa na riyan? Totoo 'yun, kita n'yo, kita n'yo, dahil tapos na gawa na ito. Kita n'yo? Di na Niya kailangan pang... .

<sup>193</sup> Kung kayo'y natubos na mula sa isang bagay, 'yung—'yung sanglaan nga'y di na nila kayo maaaring panatilihin pa, kung kayo'y natubos na. Kung nasa inyo na ang resibo, na tinubos na talaga ito, 'yun na 'yun. Di na kayo puwedeng panatilihin pa ng sanglaan.

<sup>194</sup> Nasa atin na ang Resibo, kita n'yo; ngayon kung may taglay lang kayong pananampalataya para kolektahin 'yun! Kita n'yo? Pero ngayon kung Siya nga'y nakatayo rito, at ako'y isinasalig ko lang ang lahat nitong malakihang gawain ko sa, "Siya ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman," matatalastas nga Niya kung ano ang suliranin n'yo. At tiyak na... .Kung sa ako lang ay di ko 'yun matatalastas, kaya pinatutunayan lang n'yan na Siya talaga 'yun. Kinakailangan kasing kung anong kapangyarihan ito, kung anong kapangyarihan. Nakasalalay ito sa kung anong iniisip n'yo na gagawin ng kapangyarihang ito. Dahil, alam n'yo naman na di ko kayo kilala, tao rin ako. At kaya kinakailangan na kung anong kapangyarihan talaga ito. At kung sasampalatayanan n'yong Siya ito... .At kung di kasi kayo sumasampalataya na Siya talaga ito, haya't, di nga kayo magtitiis na tumayo riyan. At, heto nga't, kung kayo'y tunay na sumasampalataya na Siya talaga ito, tapos masasabi Niya sa inyo kung anu-ano ang mga ginawa n'yo noon, o ano ang ipinunta n'yo rito, o—o parang ganun, ay paaangatin nun ang inyong pananampalataya, hindi po ba?



195 Mapapaangat ba nun ang pananampalataya n'yo riyang? Heto, nakataas ang kamay ko; sa abot ng nalalaman ko, hindi ko pa nakikita ang babaing ito sa buong buhay ko, isa lamang siya sa mga dumalo noon, o—o marahil pumila siya noon sa pila para sa pananalangin, o parang ganun, taon at taon na rin ang nakakaraan. Kung may naaalala ba ako sa kanya; wala. Pero nawa'y tulungan ako ng Diyos ngayon. Bilang kaloob . . .

196 Kita n'yo, gaya ng mga ministro rito. Alam n'yo ito, kung narinig n'yo na akong mangaral, hindi ako—hindi ako isang mangangaral. Wala akong edukasyon. Hindi ko matatawag ang sarili ko na isang mangangaral, haya't may ibang kalalakihan na mas may kakayahan na gawin 'yun nang higit sa akin.

197 Pero ang kaloob ko nga'y nanggagaling sa Diyos, dahil Siya'y iniibig ko. At—at heto nga't pinaniniwalaan ko ito, “ang mga kaloob at mga pagtawag ay hindi nagbabago.” Ang mga ito ay itinalaga na noong una ng Diyos. Nasa bawat salinlahi ito. Ang bahagi ko rito ay dun sa Salita, na Ito'y mabuhay uli, maging Salita na kumikilala at tumatalos. Pagiging propeta, na ipinangako ayon sa Malakias 4, na mangyayari sa panahong ito, ginagawa tayong ganap sa huling araw na ito.

198 Ngayon kung sabihin sa akin ng Panginoong Jesus kung saan ang suliranin sa iyo, makasampalataya ka ba na ako'y Kanyang propeta, o Kanyang lingkod? Nawa'y ipagkaloob Niya ito. Dumadanas ka ng—ng kondisyon sa balat. May suliranin ka sa iyong balat. Tama. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Ngayon kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay. Kita n'yo? Kaya . . .

199 Ngayon nararamdaman ko na mula diyan sa kung saan, may nagsasabi, “Hinulaan lang niya 'yun.” Ngayon sandali lamang po. Hindi ko 'yun hinulaan, ginang. May iba, kita n'yo, sila'y . . . Hindi nga kayo makapagtatago ng anumang kaisipan ngayon, kita n'yo, dahil Siya'y narito na ngayon. At inilalagay ko ang bawat espiritu rito sa ilalim ng aking pamamahala, sa Pangalan ni Jesus Cristo, kita n'yo, para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Hindi ko 'yun hinulaan.

200 Isa 'yung kondisyon sa ugat. May kondisyon ka sa ugat na iyong . . . na bumabagabag sa iyo. Nananalangin ka rin sa isang mahal sa buhay. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Isang babae. [“Opo.”] Manugang mo. [“Opo.”] At siya'y pinahihirapan ng sakit na epilepsy. [“Opo.”] Siyanga.

Ngayon hindi ko 'yun hinulaan. Siyanga.

201 Sampalatayanan mo lamang! [Sinasabi ng kapatid na babae, “Siya ba'y gumaling na?”—Pat.] Sampalatayanan mo lamang nang buong puso mo; at sa iyong pagsampalataya, ay magaganap nga ito sa iyo. Sumasampalataya ako. [“Gumaling na siya?”] Ako'y—ako'y sumasampalataya nga. Kung ikaw rin nama'y makasampalataya, mangyayari 'yun.

202 Kita n'yo, di ko kayang pagalingin ito sa pananampalataya ko, kinakailangan kasing mapagaling ito sa pananampalataya nung babae. Kita n'yo? Kita n'yo? Nauunawaan naman.

203 Kumusta po kayo? Kamamatay lang ng nanay ko, mga dalawang taon pa lang ang nakararaan. At nung nakita kitang papalapit dito gaya n'yan, bumabalik sa akin ang mga alaala. Hindi ba't napakasama ko namang tao na tatayo ako rito, na inirerepresenta ko si Jesus Cristo, at tapos manlililang lang? Napaka terrible ngang bagay kung gagawin ko ang isang—isang bagay na gaya nun. Pero hindi ako—hindi ako manlililang. Ako'y Kanyang lingkod. At kung pahihintulutan ako ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, na malaman ko ang isang bagay tungkol sa iyo, buweno, sasampalataya ka ba na galing ito sa Diyos? [Sinabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.]

204 Ngayon para mapag-unawa ng mga tao. Tumingin ka rito, kita mo. Yung isang espirituwal na pagkilalang 'yun ay lalong higit pa kaysa sa mangaral ako hanggang hating-gabi. Sinabi nga noon ni Jesus, "Naramdaman Ko na may umalis na bisa." Kung ganoon ang nangyari noon sa Anak ng Diyos, gaano pa kaya sa akin na isang makasalanan? Kita n'yo? Si Daniel nga'y nakakita noon ng isang pangitain, nabagabag ang isip niya nang maraming araw. Ilan po ang nakakaalam nun? Siyanga. Kita n'yo? Di n'yo sukat-maiisip ang biyaya na ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

205 Ngayon, ang ginang ay pinahihirapan ng sakit sa tiyan. May kung ano sa tiyan mo. Nakikinita kong napapaurong ka sa mesa. At dahil 'yun sa—sa nerbiyos na naging dahilan kung bakit nagkaganoon ang tiyan mo, na di ka tuloy makatunaw ng pagkain. Peptic ulcer ito, 'yun nga ito, sa tiyan. At ikaw ba'y nananampalataya na pagagalingin 'yan ng Diyos para sa iyo? [Sinabi ng kapatid na babae, "Sumasampalataya ako."—Pat.] Tinatanggap mo ba na magaling na ito? Sumampalataya ka na aalisin na ito ng Diyos sa iyo. Pagpalain ka ng Diyos. Humayo ka na, at nawa'y ipagkaloob na ito sa iyo ng Panginoong Diyos.

Taimtim lamang po.

206 Kumusta ka? Di natin kakilala ang isa't isa, sa palagay ko. Pinakauna nating pagkikita ito, hindi ba? [Sinabi ng kapatid na babae, "Nakakadalo na po ako sa mga pagtitipon."—Pat.] Nakakadalo ka na sa mga pagtitipon. Pero 'yung kilala kita mismo, hindi nga.

207 [Huminto sandali si Kapatid na Branham, at pagkatapos ay bumaling sa mga tagapakinig—Pat.] Humihiling ka para sa sarili mo. Kung makasasampalataya ka, lilisanin ka ng arthritis na 'yan. Oo. Nakaupo nga siya dun, nakayuko ang ulo, siya'y nananalangin. Lilisanin ka nito, kung makasasampalataya ka lamang. Ang asawa mong lalaki, sumasampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na ihayag sa akin ang suliranin sa kanya?

Makasasampalataya ka ba na masasabi sa akin 'yun ng Diyos? Natutuwa ka nga na malamang siya'y gagaling mula dun. May problema ka sa prostate na bumabagabag sa iyo. Itaas mo ang iyong kamay.

208 Hindi ko pa sila nakikita, sa buong buhay ko. Sabihin n'yo sa akin kung anong nahipo nila. Ngayon itanong n'yo lang ang katanungan na 'yan. Ano kaya 'yung nahipo nila? Hindi ako ang nahipo nila; tatlumpung talampakan ang layo nila sa akin. Pero nahipo nga nila ang Dakilang Saserdote.

209 Kung ako'y estranghero't di kayo kilala, iwagayway n'yo po ang kamay n'yo nang *paganito*. Kayo po—kayo po—kayo po na dalawang nakaupo rito, kung ako'y. . . Iwagayway lang n'yo ang kamay n'yo nang *paganito*, kung ako'y estranghero sa inyo. Kita n'yo? Kita n'yo? Nakaupo lang kayo riyan kani-kanina. At nananalangin lang 'yung babae, kita n'yo; at Siya'y, nakatayo lamang dito, bumaling gaya ng ginawa Niya noon sa Biblia. Hindi—hindi ako ang bumaling; Siya ang nagpabaling sa akin.

210 Tingnan n'yo, hindi ko nalalaman na magkakaganoon. Para pong itong mikropono rito, walang boses na lalabas dito kung walang magsasalita rito. Pero naririnig n'yo nga ako rito sa mikroponong ito, (hindi po ba?) pero 'yung mismong mikropono ay di nga makakapagsalita, sa sarili lang nito. Wala itong tinig. Hindi ko kakilala ang mga taong ito. Hindi pa rin ba ninyo napagtatanto na ito'y Presensya mismo ng Diyos, na ginagamit 'yun, para ipakita sa inyo ang Kanyang Presensya? Sumulong na kayo!

211 Ngayon tayo nga'y di natin kilala ang isa't isa, mas bata ka sa akin. Marahil ipinanganak tayo nang taon-taon ang pagitan at milya-milya ang layo, at narito nga tayo ngayon nagkita sa unang pagkakataon. Ngayon nung magpunta nga Ito roon, ako'y sunod lamang dun; Isa itong Liwanag, sinusubaybayan ko Ito, kita mo. Ang Espiritu Santo ay isang Liwanag, alam natin 'yan. Pero kung tutulungan nga ako ng Panginoong Jesus na malaman ko ang problema sa iyo, sasampalataya ka ba na ako'y Kanyang lingkod, at nang malaman mo na hindi ako ito, kundi Siya ito?

212 Ako'y lingkod lamang Niya, gaya nitong mikroponong ito. Ngayon, itong, itong mesa rito ay bahagi lamang ng muwebles ng bahay, pero hindi nga ito nilikha para magsalita; patungan kasi ito ng Biblia ko. Hindi nga kaya ng mikropono na maging patungan ng Biblia ko; boses ko ang dinadala nito. Buweno, may iba't ibang kaloob din sa iglesia; ang iba'y tinig Niya, ang iba sa pangitain, ang iba sa iba't iba pang bagay na ginaganap nila. Pero heto nga ako sa pangitain, bilang lingkod Niya.

213 Ngayon kung ipapaalam sa akin ng Diyos ang problema sa iyo, kung ano ang ipinunta mo rito, paniwalaan mo lang ako, at sampalatayanan mo na Salita ito ng Diyos. Pinahihirapan ka ng

impeksiyon. Impeksiyon sa balat. [Sinabi ng kapatid na babae, “Tama.”—Pat.]

214 Nakita n’yo? Alam nga niya kung totoo ba ’yun o hindi. Kita n’yo? Ngayon, kung kakausapin n’yo pa siya nang kakausapin, mas marami pa ang masasabi. Napakabuti niyang tao.

215 Siyanga pala, tumingin ka rito pansumandali; tapos dadako na tayo sa iba maya-maya, kung maaari’y bilisan na natin ang pagdako sa kanila. Haya’t mag-usap muna tayo pansumandali, yamang isa kang mabuting tao. Ngayon alam mo nga na may bagay na nangyari sa iyo. Ngayon sa gitna mo at ako ay may Liwanag. Nakita mo na ba Ito noon sa litrato? Nakatayo Ito sa mismong gitna ko at ikaw. Tinitingnan kita, sa Liwanag na ito. Kita mo? At makasampalataya ka ba na sasabihin sa akin ng Diyos kung sino ka? Sinabi nga Niya kay Simon kung sino siya.

216 Ilan po ang naniniwala riyan? Hayan nga’t itinaas n’yo ang inyong mga kamay, tayo’y ganap na estranghero sa isa’t isa.

217 Tinatawag ka nilang “Florence,” at ang apelyido mo ay McAllister. [Sinabi ng kapatid na babae, “Tama. Tama.”—Pat.] Sumasampalataya ka ba na kayang sabihin sa akin ng Diyos kung taga-saan ka? [“Opo.”] Hindi ka taga-rito. [“Hindi po.”] Nanggaling ka sa isang lugar na kung tawagin ay Lawrence, Kansas. [“Tama.”] Tama nga. Ngayon bumalik ka na, pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Um-hum.

218 Manampalataya kayo sa Diyos. Kita n’yo? Nakita n’yo ba? Ngayon maging taimtim lang tayo ngayon. Huwag po kayong palakad-lakad. Kita n’yo, huwag po kayong palakad-lakad.

219 Nagpapagaling ang Diyos ng diabetes. Naniniwala ka ba dun? Sumasampalataya ka ba na pagagalangin ka Niya? Sige’t humayo ka na, at sabihin mo, “Salamat sa Iyo, Panginoon.” At sampalatayanan mo ito nang buong puso mo, at gagaling ka.

220 Sumasampalataya ka ba na kayang pagalangin ng Diyos ang sakit na pambabae mong ’yan? Kung ganoon humayo ka’t, sabihin mo, “Salamat sa Iyo, Panginoon. Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko.”

221 Sige, palapitin n’yo ang binibini. May sakit na pambabae ka, at may diabetes ka rin. Sumasampalataya ka bang paiigihin ng Diyos ang kalagayan mo? Sige’t lumakad ka lang, sabihin mo, “Salamat sa Iyo, Panginoon,” at sampalatayanan mo ito nang buong puso mo ngayon.

222 Halika. Nagdudulot ang nerbiyos ng sakit sa tiyan. Ikaw ba’y nananampalataya na makakakain ka na ng hapunan mo ngayon? Humayo ka, sabihin mo, “Salamat sa Iyo, Panginoon.” Kumain ka na ng iyong hapunan at manampalataya ka nang buong puso mo.

223 Nagpapagaling ang Diyos ng sakit sa puso. Ikaw ba’y sumasampalataya na pagagalangin Niya ’yang sakit mong ’yan

sa puso? Sige. Humayo ka, sampalatayanan mo ito, at gagawin nga Niya ito, makikita mo, kung makasasampalataya ka.

224 Ano kaya kung wala akong sinabing ganoong bagay sa iyo, magpapakita lang ako ng pananampalataya na sa paniwala ko'y taglay mo naman, papatungan ka lang ng kamay, ikaw ba'y makasasampalataya na gagaling ka? Lumapit ka. Ikaw nga'y pinagaling na sa pagkasampa na pagkasampa mo riyan, at taglay 'yun. Totoo nga 'yun.

225 Halika. Hayan nga't, nakikita ng lahat na ang babaing ito'y paika-ika, buong buhay na siyang ganyan. Pero may isa pang bagay sa iyo, sakit sa tiyan na gumagambala sa iyo, na gusto mong . . . Sige po't lumakad ka lang, sabihin mo, "Salamat sa Iyo, Panginoon." Manampalataya ka nang buong puso mo, at humayo ka, at sampalatayanan lamang.

226 Sumasampalataya ka ba pagagalingin ng Diyos ang arthritis na 'yan, at paiigihin ang pakiramdam mo, at makakauwi ka na? Humayo ka, na sinasampalatayanan ito nang buong puso mo.

227 Ilan po riyan ang sumasampalataya, lahat ba kayo? Heto nga ang isang lalaking nakaupo rito't nakatingin sa akin dito. Nakikita n'yo ba 'yung Liwanag na 'yun na nakapaibabaw sa lalaking 'yun dito?

228 Ang totoo, ang bagay na bumabagabag sa kanya, ay itong tungkol sa pagiging sobra niya sa timbang. Siyanga. Itaas mo ang iyong kamay kung 'yun nga. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Nakaupo sa tabi mo ang asawa mo, makasasampalataya ka ba na kayang sabihin sa akin ng Diyos ang suliranin sa kanya? Sumasampalataya ka ba? Siyanga ba, binibini? Sumasampalataya ka ba na ako'y Kanyang propeta, Kanyang lingkod? Mistula ngang nabubulagan ang mga tao kapag sinasabi mong "propeta." Nananampalataya ka na ako'y lingkod Niya? Makasasampalataya ka ba na kayang sabihin sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa iyo? Altapresyon. Ikaw nga'y manampalataya lamang nang buong puso mo ngayon, at lilisan na ito sa iyo, dahil nananampalataya ka.

229 Itong binatilyong itim na nakaupo rito sa pinakadulo ng upuan, marubdob siyang nagmamasid, ano ang palagay mo sa bagay na ito, iho? Sumasampalataya ka ba na Diyos nga ito, ikaw nga na nakaupo riyan? Ganoon na lamang kainteresado ang tingin mo sa akin. Hindi kita kakilala. Ika'y estranghero sa akin. Pero ikaw nga'y pinahihirapan ng kung anong suliranin. Makasasampalataya ka ba na kayang sabihin sa akin ng Diyos kung ano nga 'yun? Siyanga ba? Allergy. Tama. Ikaw ba'y sumasampalataya na pagagalingin ka talaga ng Diyos? Isa pang malaking bagay tungkol sa iyo, ay ito, isa sa pinaka malaki mong suliranin ay ika'y tumalikod noon sa pananampalataya. Higit ang pagnanais mo ngayong makabalik sa Diyos. Kung totoo 'yun, itaas mo ang iyong kamay, tapos lumapit ka rito. [Tumayo

ang kapatid na lalaki at lumapit sa harapan—Pat.] Ang mga kasalanan mo’y ipinatatawad na sa iyo, kapatid ko.

<sup>230</sup> Sasabihin n’yo marahil, “Paano mo nalaman ’yun?” Sa pamamagitan nga Niya na siya ring nagsabi sa akin kung anong problema sa kanya.

<sup>231</sup> Ilan po sa mga narito ang nagnanais na patawarin kayo sa mga pagkakasala n’yo? Maaari po ba kayong magsitayo? Mga nagnanais na mapatawad sa kanilang pagkakasala? Gusto ko lamang makita kung kayo lamang ay magiging tapat na gawin ’yun. Salamat. Iniisip ko nga kung magagawa n’yong lumapit din dito at tumayo sa tabi ng binatilyong ito na pinatawad na, at sabihin, “Ninainais kong mapatawad sa mga pagkakasala ko. Akin itong ipinagtatapat?” Hindi n’yo puwedeng . . .

<sup>232</sup> Lumapit lang po kayo, marami pa nga riyan sa dakong ito. Ngayon, kung natatalos ng espirituwal na pagkilala ang mga sakit at karamdaman, natatalos din nito ang kasalanan. Alam n’yo ’yan. Papaano ko malalaman na ang binatilyong ito ay isang makasalanan? Ganyan nga, lumapit na kayo at pumarito na. Tayo’y . . . Maaari na po ba, sa mga sandaling ito? Lumapit na kayo at tumayo rito pansumandali, sabihin, “Ninainais kong mapatawad, kapatid. Inaasam ko na patatawarin ng Diyos ang kamalian ko. Napagtanto ko na ako’y nasa Kanyang Presensya. Hindi ko iintindihin anuman ang isipin ng mga katabi ko. Ako’y—ako’y lalapit at lalapit nga. Ako’y magpapakasisig. Nais kong maligtas, ngayong gabi. Sinasampalatayanan ko ang Diyos. Nagnanais akong makalapit ngayon din at ang aking mga kasalanan ay anurin nang lahat.”

<sup>233</sup> Ayos lang ba na tumawag tayo ng mga ministro? Ilan kaya sa mga ministro rito, ang naniniwalang ang mga taong ito ay may karapatang maligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos? Nais ko ngang ang bawat ministro na naniniwala riyan, ay lumapit at tumayo sa palibot dito kasama nila ngayon habang nananalangin tayo, bawat ministro na nagmamalasakit sa mga naliligaw na kaluluwa. Hindi ko nga inisip na gawin ito, pero alam ko na mas mabuting gawin ito kaysa sa suwayin ko ang Tinig Niya. Sinabihan Niya ako na gawin ito. Maaari kasing ito na ang huli nilang pagkakataon, hindi ko alam.

<sup>234</sup> Ilan po ang nakakaalam na ganitong-ganito ang ginawa Niya noon nung narito Siya noon sa lupa? Kaya tiyak na tiyak tayong Siya uli ito. Imposible para sa isang tao, sinumang tao, na gumawa ng ganung bagay. Tayo’y nasa Kanyang Presensya. At heto ngang nakikita natin Siya, ngayon gabi, ginagawa . . . “Kung Ako’y mataas, ang lahat ng mga tao ay palalapitin Ko sa Akin.” Kita n’yo? Nakikita nga natin Siya na ginagawa ang siya ring bagay na ginawa Niya noon nung narito pa Siya sa lupa. Maaari na ba tayong maging lubos na masigasig ngayon? Sumulong lamang nang may diin. Ano nga uli ang nagbunsod

sa atin na magpunta rito? Ano ang nagbunsod ng lahat ng ito, siyanga? Ang Diyos. Hindi ba't sinasampalatayanan n'yo 'yan?

<sup>235</sup> Nais kong ang bawat isa sa inyo mga kapatid na lalaking ministro na lumapit lang sa harap at ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa sa mga tao rito na nagpapahayag ng kanilang kasalanan.

<sup>236</sup> Ngayon, mga minamahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae, kayo po na nagpapahayag ngayon dito sa altar, ano ang nagbunsod sa inyo na lumapit dito? Di nga kayo lumapit sa sarili n'yong lakas. Lumapit nga kayo dahil may kung anong bagay na kumumbinsi sa inyo na kayo nga'y nagkamali. Nais n'yong mapatawad. Nung makita n'yo ang kaawa-awang binatilyong itim na ito rito, ito ngang binatilyong Etiopo na ito na nakatayo riyan, minsang nawalay noon sa Diyos, at inihayag ng Espiritu Santo na isa siyang makasalanan. Ang siya ring Espiritu Santong 'yun ay di lang kayo basta tinawag na lumapit ng mga labi ko, bagkus Ito mismo ang tumawag sa inyo, at heto na nga kayo, ngayong gabi, nakatayo gaya ng binatilyong ito. Ipahayag n'yo na ngayon ang inyong mga kasalanan sa harap ng Diyos. Sampalatayanan n'yo Siya nang buong puso n'yo, at Kanyang patatawarin ang bawat kasalanan na inyong nagawa, at panunumbalikin na kayo ngayong gabi batay sa inyong pagpapahayag at pakikipaglakip. Gagawin Niya 'yan kung kayo lamang ay makasasampalataya sa Kanya.

<sup>237</sup> Ngayon iyuko na natin ang ating mga ulo, sa lahat ng dako sa mga narito, at ang bawat isa ay maging mapitagan lamang. Ngayon manalangin tayo. Bawat isa sa inyo'y ipahayag n'yo ang inyong mga pagkakasala. Narito siya. Narito ang Espiritu Santo. Ito mismo ang tumatawag. Ngayon sampalatayanan n'yo lamang ito nang buong puso n'yo, ipahayag n'yo na kayo'y nagkamali, hilingin n'yo sa Kanya na kayo'y patawarin. At bawat isa sa inyo mga kapatid na lalaki'y manalangin kasama ng mga taong ito.

<sup>238</sup> Makalangit na Ama, dumudulog kami ngayon sa Pangalan ng Panginoong Jesus, pinasasalamat Ka sa Iyong dakilang biyaya at kapangyarihan na ipinapakita sa amin, Panginoon. Heto nga kami, mga taong di karapat-dapat, sa huling panahon na ito, sa pagtatapos ng panahon. Hinihiling po namin na ang Iyong awa ay umabot, Panginoon, hanggang sa dulo, hanggang sa ang huling kaluluwa ay makapasok na. Ngayong gabi, dahil sa Iyong pagpapakita sa amin, nagbunsod nga ito na ang mga tao'y sumulong nang may diin sa kabila ng bawat suliranin, na makalapit dito, makasampalataya na ito na ang oras na ang kanilang mga pagkakasala ay naipatawad na sa kanila, at nang sa gayon sila'y lumaya na, magmula sa gabing ito. Iyo pong ipagkaloob ito, Makalangit na Ama. Ang bawat pagkakasala'y mawaglit na nawa sa kanila.

<sup>239</sup> Sinabi Mo, "Ang lalapit sa Akin ay sa anumang paraan ay di Ko itataboy. Bagaman ang inyong kasalanan ay maging

tila mapula, gayunman ang mga ito'y magiging maputi na parang balahibong maputi ng tupa; mapula mang gaya ng matingkad na pula, ay magiging maputi na parang niyebe." Lulubog kami sa agos ng Dugo ni Jesus Cristo. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay aakayin namin ang mga taong ito, na mga nagpapahayag ng kanilang pagkakasala, sa Presensyang 'yun ng Diyos, sa Dugo ng Anak ng Diyos, at hihingi ng tawad para sa kanila. Hinihiling namin ang kahilingang ito sa Pangalan ni Jesus. Iyong patawarin ang bawat pagkakasala at dalhin sila sa Iyong pangangalaga, Ama. Yamang sila'y nagpahayag na ng kanilang pagkakasala, Iyo ngang papanumbalikin sila ayon sa Iyong pangako. Iyong sinabi na gagawin Mo ito, at nalalaman ko na gagawin Mo ito. Sila'y sa Iyo, Ama. Ibinibigay namin sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>240</sup> Sino sa inyo na nakatayo rito sa palibot ng altar ngayon, na sadyang nakapagpahayag na nang lubos na nagkamali kayo; ay sa Presensya ng Diyos, naniniwala kayong ako'y propeta Niya, at naniniwala na itong sinabi ko sa inyo ay Katotohanan sa bagay na ito, at naniniwalang nawaglit na ang mga sala n'yo; at kayo ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, kayo nga'y nakapasok na sa loob ng tabing na 'yun, pumasok sa Presensya ng Diyos, at makapagsasabi, "Panginoon, ako'y sasampalataya sa Iyo ngayon din, at tatanggapin Ka"? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, at sabihin n'yo, "Gagawin ko." Bawat isa na nasa palibot nitong altar, itaas n'yo nga ang inyong mga kamay at sabihin, "Gagawin ko. Sinasampalatayanan ko na ito ngayon." Pagpalain kayo ng Diyos. Amen. Ganyan nga't tama po 'yan. Ganyan nga. Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, pumasok na kayo sa tabing na 'yun.

<sup>241</sup> Ngayon habang nariyan pa rin kayo sa kinatatayuan n'yo mismo, kung saan kayo'y pinatawad, ngayon, mga kapatid na lalaki, ipatong n'yo uli ang inyong mga kamay sa kanila para sa bautismo naman ng Espiritu Santo. Diyan sa kinatatayuan n'yo mismo, ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa kanila ngayon, at idalangin n'yo na matanggap nila ang bautismo ng Espiritu Santo, na nakatayo mismo rito.

<sup>242</sup> Panginoong Jesus, ipadala Mo ang Iyong kapangyarihan sa kanila, na gaya ng isang humahagibis na malakas na hangin. Muli Ka pong magpadala ng panibagong Pentecostes; at Iyong punuin ang mga tao, hindi ang silid, kundi ang mga tao mismo, ng Apoy ng Espiritu Santo, at kapatawaran, at pagpapamalas ng kapangyarihan, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus. Amen.





*PAGKAMASIGASIG* TAG64-0619  
(Perseverant)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Hunyo 19, 1964 sa Municipal Auditorium sa Topeka, Kansas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)